# Ang Kasalanan ng Aborsiyon ay isang Kasalanang Mortal at yung mga may Pananagutan ay Masusunog sa Apoy ng Impiyerno Magpakailanman

Miyerkules, May 1, 2013

Pinakamamahal Kong anak, ang pamamagitan Ko, ang Kordero ng Diyos, sa pagbubunyag nitong Mga Mensahe sa mundo, ay naipropesiya na.

Kayong mga sumusunod sa Salita ng Diyos ay kailangang maging payapa, ayaw Ko ngang mapapalayo kayo dahil mahal Ko kayo. Huwag na huwag nyong katatakutan ang Aking Pagmamahal, kahit na iwalay kayo sa Akin ng kasalanan. Binubuksan Ko ang mga mata ng mga gustong makakita at isinasara ng Aking Banal na Salita ang mga mata nung mga ayaw tumanggap sa Aking Kamay. Iniaabot Ko ang Aking Kamay sa inyo, mahal Kong mga anak, para hilahin kayo tungo sa kaligtasan, malayo sa mga buwitreng gustong lamunin ang inyong mga kaluluwa.

Araw-araw, mula sa araw na ito, makakarinig kayo ng mga boses na sumisigaw at sinasabing kayo'y kailangang makinig. Ihaharap nila sa inyo ang mga makademonyong kasinungalingan at pangangatwiran na nakabalatkayo sa tamis ng pulot-pukyutan.

Susuyuin nila kayo sa walang-tigil na pagratrat ng mga argumento, para pakinggan ang kanilang pangangatwiran, alang-alang sa mga makataong adhikain – na nagpapahintulot sa paggawa ng kasalanan. Hindi sila titigil hanggat hindi nyo tinatanggap ang gusto nilang sapilitang ipalunok sa inyo.

**Ang aborsiyon, na pagpatay nang walang-awa sa Mata ng Diyos, ay ipipilit sa lahat ng bansa bilang palatandaan ng paghamon sa Amang Makapangyarihan-sa-lahat, Diyos na Kataas-taasan. Pag pinayagan nyo ang kasuklam-suklam na kasamaang ito, nagkakasala kayo ng isang kakila-kilabot na kasalanan. Ang kasalanan ng aborsiyon ay isang kasalanang mortal at ang mga may pananagutan ay masusunog sa apoy ng Impiyerno magpakailanman.**

Sa inyong mga ayaw tanggapin ang malubhang kamaliang ito, kokonti na ang oras nyo para makamtan ang kaligtasan. Pagdating nga ng dakilang araw, kung hindi pa nyo tinatalikuran ang buktot na gawaing ito, hindi nyo na kailanman makikita ang Mukha ng Diyos.

Ang walang-awang pagpatay ay isa sa pinakamalubhang paghamon sa Diyos at ang magiging kaparusahan nito ay paglipol. Ang malaking hidwaan ng sangkatauhan ay nagsimula na. Yung mga kumakampi sa halimaw at pinapayagan ang lahat ng paghamon sa Salita ng Diyos ay lilipulin mula sa hanay ng kanilang mga kapatid. Huwag nyong mamaliitin ang Aking Babala. Pag tinatanggap nyo ang aborsiyon, tinatanggap nyo ang kusang pagpatay sa isang anak ng Diyos. Kung hindi kayo makatagpo ng pagsisisi sa inyong kaluluwa, hindi nyo na Ako makikita kailanman. Itatapon Ko kayo sa ilang.

Oo nga't dakila ang Aking Pag-ibig at Awa. Patatawarin Ko ang pinakamadungis na mga kaluluwa. Pero kung walang pagsisisi, ang Aking Katarungan ay pangwakas na. Ang Aking Pagpaparusa ay walang-hanggan. Mahalin nyo Ako at kayo'y Aking iingatan. Kitilin nyo ang buhay ng isang tao, na nilikha ng Pag-ibig ng Aking Ama, at kayo rin ay mawawalan ng buhay.

Ang inyong Jesus

# Aakusahan sila ng mga krimen laban sa Upuan ni Pedro at lantaran silang ipapahiya alang-alang sa Aking Banal na Ngalan

Huwebes, Mayo 2, 2013

Pinakamamahal Kong anak, ang Simbahan ay pababayaan ng maraming nasa pinakamatataas na hanay, at marami sa kanila ay tatanggapin ang mga bago at di-totoong mga doktrina na magdadala sa kanila sa lugar ng kadiliman.

Yung mga nananatiling tapat sa Akin, at yung mga tinatanggihan ang kasuklam-suklam, ay gagabayan ni Pedro Apostol na umupo sa unang Upuan ng Roma. Gagabayan niya ang Aking mahal na si Benedict, na ipinropesiyang tutulong sa kanila para makita ang Katotohanan. Kailangan niyang masaksihan ang kilabot, pero tutulungan siya ng mga nangakong magiging tapat sa Isa at Totoong Salita ng Diyos. Ganun magsisimula ang hidwaan. Yung mga sumusunod sa di-totoong doktrina, kung saan Akong si Jesucristo ay hindi iginagalang, ay gugutayin ng halimaw at ng kanyang mga demonyo. Yun namang mga inosenteng lingkod Ko na hindi pa nakakatanggap ng mga Mensaheng ito hanggang ngayon, ay patakbong pupunta sa Akin para mabigyang-ginhawa. Ang mga propesiya Ko'y hindi nagsisinungaling, at hindi magtatagal, marami sa mga yun ay palalayasin sa Vatican. Aakusahan sila ng mga krimen laban sa Upuan ni Pedro at lantarang ipapahiya alang-alang sa Aking Banal na Ngalan.

Ito ang sinasabi Ko sa kanila: Manatili kayong mahinahon at panatag, sapagkat pag sumusunod kayo sa Katotohanan, kayo'y maliligtas. Huwag na huwag kayong tatanggap sa pinalabnaw na doktrina, sapagkat wala roon ang Aking Kapangyarihan. Kayong mga tumatanggap sa mga kasinungalingan sa paniwalang ginagawa nyo ang inyong tungkulin, dapat nyong malaman na mahaharap kayo sa isang mahirap na daan. Dalawa ang inyong pagpipilian: ang manatili sa Liwanag ng Diyos o ang tumalikod sa Aking Banal na Mga Sakramento.

Hindi na magtatagal at malinaw nyo nang makikita kung tungkol saan ang Aking babala sa inyo. Ang hidwaan ay magiging mabagsik at magkakaroon ng digmaan sa pagitan ng Katotohanan at mga kasinungalingan. Pababagsakin nito ang Simbahang Katolika, hanggang maging parang tambak ng bato na lamang ito, subalit ang Isa at Totoong Simbahan ay mananatiling mataas na nakatayo habang binubuo ng Aking tapat na mga lingkod ang Aking Natitirang Hukbo. Lalaban sila hanggang sa mapait na wakas para itaguyod ang Banal na Salita ng Diyos.

*Ang inyong Jesus*

# Ang parang totoong mga pananaw na ihaharap nila ay ituturing na isang bagong anyo ng Katolisismo

Biyernes, Mayo 3, 2013

Pinakamamahal Kong anak, ang makademonyong planong wasakin ang Simbahang Katolika mula sa loob ay isinasagawa na. Lahat ng sagrado sa Diyos ay itatapon sa isang tabi, at yung mga pinuno ng katatapos pa lamang baguhing modernong simbahan, na malapit nang ipakilala at ipakita sa lahat, ay magiging maluwag sa kanilang mga pananaw pero magiging kalaban sila ng Katotohanan.

**Ang parang totoong mga pananaw na ihaharap nila ay ituturing na isang bagong anyo ng Katolisismo.** Maraming Kristiyano ang magsasabing: e anong kinalaman nito sa akin? Pag ang Aking Simbahan, na itinatag ni apostol Pedro, ay giniba sa ganitong paraan, makakaapekto ito sa lahat ng mga sumusunod sa Akin. Pag ang Aking Salita at ang Aking Mga Aral ay ginutay-gutay at ginawang katanggap-tanggap sa mga makasariling pangangailangan ng tao bagamat mga kasinungalingan ang mga ito, darating ang panahon na ituturing ang mga ito na siyang Katotohanan.

Ang mga kasinungalingang ihaharap sa mundo dahil sa makademonyong pagsapi, ay ituturing ng lahat ng Kristiyanong simbahan na katanggap-tanggap sa kanilang paningin. **Wala ni isang Kristiyanong simbahan ang makakaligtas sa atakeng ito – isang atakeng sadya at maingat na pinlano nang mahigit isandaang taon.**

Tandaan nyo ito: Pag ang Aking Salita ang pinakialaman, mawawasak ang Katotohanan. Ang kasinungalingan ay nakakahawa sa kaluluwa. Pag nangyari ito, ang mga tao'y walang kaalam-alam na lalakad sa daang nagwawakas sa kawalan ng pag-asa. Hinihiling Ko sa lahat ng nakikinig ngayon sa Akin: lagi nyong pagtuunan ng pansin ang Katotohanan. Huwag na huwag nyong tatanggapin ang mga pagbabagong ipatatanggap sa inyo bilang bahagi ng bagong simbahan, na hindi nagmumula sa Akin.

*Ang inyong Jesus*

# Ang kasalanan ng kayabangan ang naging sanhi kung bakit bumagsak si Lucifer, pinalayas at itinapon sa impiyerno

Sabado, Mayo 4, 2013

Pinakamamahal Kong anak, nakarating na sa maraming tainga ang Aking Salita, at binabalaan Ko yung mga ayaw makinig sa Akin. Ano bang kinatatakutan nyo? Ang Akin bang Salita o ang mga pagbabagong kailangan nyong masaksihan habang ang paglilinis ay nagpapatuloy? Di nyo ba alam na hindi Ako nagdadala sa inyo ng mga bagong Aral, sapagkat hindi naman ito kailangan? Kinakausap Ko lang kayo para ipagunita sa inyo ang Katotohanan.

**Kaydami sa inyo na akala'y ang dami nyong nalalaman tungkol sa Akin, pero wala kayong natutunan.** Sino ba kayo para magsabing mas magaling kayo kaysa iba sa Paningin ng Diyos, pag tungkol sa pagpapaliwanag sa Aking Banal na Salita ang pinag-uusapan? Sino ba kayo para akalaing may kapangyarihan kayong lapastanganin Ako, at pagkatapos ay sasabihin nyong mahal nyo Ako?

Hindi nyo Ako mapipigilang lumapit sa mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng Aking mga propeta. Kailangang itanong nyo: bakit nyo ba kinamumuhian ang Aking Tinig? **Paano nyo Ako mamamahal kung ginugutay-gutay nyo ang Aking Salita, samantalang ang ginagawa Ko lang naman ay tulungan kayong maghanda para sa Aking Dakilang Araw?**

Napakahina ng tao. Maging yung mga banal na kaluluwa ay mahina, bagamat ang pagmamahal nila sa Akin ay malakas. Huwag akalain ng sinumang tao na kailanma'y makakalakad siya sa harapan Ko nang walang kahihiyan ng kasalanan sa kanyang kaluluwa. Walang sinuman sa inyo na karapat-dapat tumayo sa harapan Ko, pero ipinagkakaloob Ko sa inyo ang Awa ng Aking Pag-ibig. Hindi sa nararapat ito para sa inyo, kundi ipinasya Ko lang na pagkalooban kayo ng Biyayang ito.

Sa mga nagsasabing sila'y maraming nalalaman tungkol sa Akin at pagkatapos ay dudura ang kanilang isinumpang dila laban sa Aking propeta, dapat nyong malaman: Hindi kayo ililigtas ng inyong pananampalataya pag isinusumpa nyo ang Salita ng Diyos. Walang kwenta ang inyong sinasabing pagmamahal sa Diyos pag hinuhusgahan nyo ang isa sa Kanyang mga anak sa harapan Niya. **Pinuputol nyo ang pang-sinapupunang tali na nagbubuklod sa inyo sa Aking Ama pag nagpapakita kayo ng paglapastangan, galit at pagkamuhi sa Akin.** Pag dinuraan nyo Ako, mabubulag kayo at hindi na kayo makakakitang muli. Pag bumibigkas kayo ng mga salita ng pagkamuhi, puputulin ang inyong dila. Pag tumayo kayo para ihayag ang inyong sinasabing kaalaman tungkol sa Diyos, babagsak kayong putol ang inyong mga paa. Pag itinuring nyong masama ang Aking propeta, mawawalan kayo ng buhay.

**Ang Aking Salita ay di-kailanman mamamatay; ito'y mabubuhay magpasawalang-hanggan.** Yuyurakan nito yung mga makasalanang nagsisikap hamunin ang Awa ng Diyos na ipinagkakaloob Niya sa pamamagitan ng Mga Mensaheng ito. Tanggihan nyo Ako sa pagkakataong ito at tinanggihan nyo na rin ang kalayaang dala Ko pag dumating Ako para tipunin kayo, sa wakas, sa Aking Kaharian. Wala na kayong masyadong panahon para tubusin ang inyong mga sarili sa Paningin Ko bago dumating ang Dakilang Araw. Huwag nyo itong sayangin sa pagkakasala dahil sa kayabangan. Ang kasalanan ng kayabangan ang naging sanhi kung bakit bumagsak si Lucifer, pinalayas at itinapon sa impiyerno. Yung lahat ng sumusunod sa kanya, sa pamamagitan ng kasalanan ng kayabangan – ang kasalanang nagiging sanhi ng sobrang pagkakawalay sa Diyos – ay babagsak at hindi na muling babangon sa Presensiya ng Diyos.

*Ang inyong Jesus*

# Huwag kayong gagamit ng pangangatwiran ng isip para ipaliwanag ang Aking Pag-iral sapagkat Ako'y hindi sa mundong ito

Linggo, Mayo 5, 2013

Pinakamamahal Kong anak, hindi alam ng marami kung gaano kasakit mawalay sa Akin, si Jesucristong Anak ng Tao, pero pagdating ng araw, pag ang Aking Liwanag ay namatay na sa dakong huli, magiging malinaw kung gaano katindi ang paghihingalong ito.

Yung mga nakakakilala at nagmamahal sa Akin ay alam kung gaano ito kasakit, pag ang kasalanan ay gumagawa ng hadlang sa pagitan ng makasalanan at ng Diyos.

**Yung mga hindi nakakakilala sa Akin, at yung mga tumatanggi sa Akin, ay mararanasan ang pagkakawalay na ito sa huling tatlong araw ng kadiliman, pag ang Presensiya ng Diyos ay hindi na matagpuan saanman.**

Pag nawala na ang Liwanag ng Diyos ay saka na lamang mauunawaan ng tao, sa wakas, na wala palang buhay kung wala ang Diyos. Ang matitira na lamang ay isang kawalan, isang ilang at kadiliman.

Ako ang Liwanag, na hinahanap-hanap ng tao, bagamat hindi niya ito alam, sa bawat sandali ng bawat araw. Habang pinagsisikapan ng taong matagpuan ang kapayapaan at kaligayahan, sisikapin niyang matagpuan ito saanman inaakala niyang naroon ito. Maghahangad siya ng makamundo at materyal na kapakinabangan, at pagnanasa ng laman, para masiyahan ang kanyang mga pangangailangan, na hinding hindi naman mabibigyang-kasiyahan. Susunod din siya sa mga di-totoong relihiyon, na nangangako ng malaking kasiyahan para sa kanya. Wala sa mga bagay na ito ang makapagdadala sa kanya sa Liwanag ng Diyos.

Maging yung mga naghahanap ng kasagutan, sa pamamaraan ng isipan at kaalaman, ay hinding hindi makakatagpo ng kapayapaan at kasagutang kanilang hinahanap, kung hindi nila bubuksan ang kanilang puso sa Tunay na Pag-ibig ng Diyos.

Pinupuntahan Ko ang bawat isa sa mga naghahanap sa Akin. Nalulugod Ako sa mga kaluluwang ang simpleng pagnanais ay maghangad lamang sa Aking Pag-ibig. Pinaaambunan Ko yung ganung mga tao ng Kaloob na Espirito Santo. Para makalapit kayo sa Akin, kailangang lubusan kayong manalig sa Akin. Pag isinusuko nyo na ang inyong loob sa Akin, saka nyo na lamang madarama ang Aking Presensiya. Sa mga taong nagsisikap na Ako'y matagpuan pero nahihirapan, ito ang sinasabi Ko sa kanila:

**Huwag kayong gagamit ng pangangatwiran ng isip para ipaliwanag ang Aking Pag-iral, sapagkat Ako'y hindi sa mundong ito.** Huwag kayong maging bulag sa katunayan ng buhay na walang-hanggan. Hinihintay kayo nito, kung mananalig lamang kayo sa Akin at papapasukin nyo Ako sa inyong puso at kaluluwa. Ang kailangan lang nyong gawin ay tawagin Ako. Tawagin nyo Ako agad, dahil pag lumabo na ang Aking Presensiya sa mundo, magiging imposible na para hanapin pa nyo Ako at kayo'y magdadalamhati dahil magpapagala-gala kayo sa paghahanap sa Akin pero walang nang mangyayari pa.

**Yung mga nag-aakalang malakas ang kanilang pananampalataya at sila'y malapit sa Akin, dapat nilang malaman kung gaano kabilis sila babagsak pag Ako'y hindi na matagpuan sa mga tabernakulo sa darating na panahon. Pagdating ng nakakakilabot na araw ng pagkawasak na yun, magkakaroon ng mga sigaw ng kawalang-pag-asa at gayun na lamang ang kapangyarihan ng halimaw kaya maraming kaluluwa ang magiging napakahina para itaguyod ang Aking Banal na Salita.**

Kailangang hingin nyo ang Aking tulong at ito'y ibibigay sa inyo. Magsumamo kayo na kayo'y Aking protektahan at tatakpan Ko kayo ng Aking Kabanal-banalang Dugo, kaya walang makakapigil sa inyo sa paglakad tungo sa Katotohanan, na naghahatid sa walang-hanggang kaligtasan.

Kung paglilingkuran nyo Ako sa pamamagitan ng inyong sariling interpretasyon kung paano Ako dapat paglingkuran, mag-ingat kayo. Gawin nyo kung ano ang sinabi Ko. Isabuhay nyo ang Aking Salita at kakargahin Ko kayo. Lapastanganin nyo Ako sa paggamit ng Aking Banal na Salita sa paraang nakakasakit sa iba, at daranasin nyo ang pinakamatinding sakit ng pagkakawalay sa Akin.

*Ang inyong Jesus*

# Pag ipinagkaloob na sa inyo ang Katotohanan, importanteng ipagpatuloy nyo ang pagpapalaganap ng Salita ng Diyos

Lunes, Mayo 6, 2013

Pinakamamahal Kong anak, yung mga di sinadyang sugatan ang Aking Damdamin dahil wala silang kaalaman sa Aking Salita, ay malapit nang bigyan ng gabay na kailangan nila.

**Para naman sa mga nakakaalam ng Katotohanan ng Aking Salita, na ibinigay sa tao 2,000 taon na ang nakalilipas, dapat nyong malaman na habang nagtatalu-talo kayo, milyun-milyong kaluluwa ang naliligaw. Ang daming gumagawa ng kasalanang mortal at ginagawa ang mga ito dahil sa pagsapi ni masama. Kung alam lamang nila ang Katotohanan ng Aking pangako ng buhay na walang-hanggan, maraming hindi sasali sa mga ganitong gawain.**

Pag ipinagkaloob na sa inyo ang Katotohanan, importanteng ipagpatuloy nyo ang pagpapalaganap ng Salita ng Diyos. Kailangang gawin nyo ito sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal at paggalang para sa buhay ng iba. Ang ibig sabihin nito ay pagsunod sa Utos ng Aking Ama: 'Huwag kang papatay.' At tungkuling nyong tiyakin na ang buhay ng tao ay tinatrato nang may paggalang alang-alang sa Kaluwalhatian ng Diyos. Kailangang ipaalala nyo sa iba itong Kaloob ng buhay na walang-hanggan, sa mga panahong alam nyong yung mga nagtatatwa sa Diyos ay nangangailangan ng inyong tulong. Ang inyong tulong, sa pamamagitan ng panalangin at paggabay, ay makakapagligtas sa mga kaluluwang ito. Kailangan Ko ng napakalaking bahagi ng inyong panahon, mahal Kong mga alagad. Kailangang maging mapagbigay kayo sa inyong panahon sa pagliligtas ng mga kaluluwa. Ipagpatuloy nyo naman ang pagdarasal ng Aking Crusade Prayers, sapagkat ipinangangako Ko ang pagbabalik-loob ng milyun-milyong naliligaw na kaluluwa pag dinarasal ang mga ito.

Huwag nyong papayagang abalahin kayo ng mga pag-atake ni masama. Patuloy nga niyang lalabuin ang Mga Mensaheng ito para gawin ito. Tanggapin nyo ang mga pag-atakeng ito kung ano nga ang mga ito – isang pagsisikap ni Satanas at ng lahat ng masasamang espiritung gumagala sa Lupa para pigilan ang mga anak ng Diyos na makamtan ang maluwalhating pamanang naghihintay sa kanila.

Hinihiling Ko rin sa inyo na magkaroon kayo ng mapagbigay na puso at ipanalangin yung mga lumalaban sa Akin dito sa Aking huling Misyon sa Lupa bago dumating ang Dakilang Araw.

Ang inyong Jesus

# Ina ng Diyos: Ang Misyong ibinigay sa iyo ay ang huling singsing ng tanikala sa pangwakas na Tipan

Martes, Mayo 7, 2013

Mahal kong anak, ibinunyag ko sa iyo, sa katangi-tanging aparisyon ngayong araw, ang lihim ng aking Puso at kung paano ito nakabuklod sa Sagradong Puso ng aking mahal na Anak. **Ang aking Puso ay pumipintig kasabay ng Kanyang Puso, at bilang Kasamang-Manunubos, gagawa ako upang ihatid ang napakaraming anak ng Diyos sa Bagong Panahon ng Kapayapaan.**

**Bilang Ina ng Diyos, binigyan ako ng kapangyarihan sa halimaw, at lahat ng hihingi ng aking tulong ay bibigyan ng malaking proteksiyon mula sa Kanya.** Dahil sa natatanging kapangyarihang ito na ibinigay sa akin ng aking Anak, lahat ng pagsisikap ay gagawin para lapastanganin ang aking Ngalan sa panahon ng paghahari ng halimaw. Mag-oorganisa ng mga pam-publikong okasyon para parangalan ang aking hangaring pagkaisahin ang lahat ng anak ng Diyos. Sa kasamaang palad, hindi lahat ng mga ito ay rerespetuhin ang Katotohanan.

Ibinunyag ko na ang Katotohanan sa La Salette, France at sa Fatima, Portugal, pero marami pa ring hindi nakakaunawa kung ano ang ipinaliwanag ko. Hindi na magtatagal at ang mga propesiyang binanggit na noon pa ay mangyayari na, at pagkatapos ay ang pagkamuhi ni masama sa akin ay makikita sa mga natatanging seremonya na magiging pang-iinsulto sa Diyos.

Ang aking Anak ay lumikha ng isang katangi-tanging plano, na bawat detalye nito ay maingat na pinag-isipan, para matiyak na ang mundo ay mabibigyan ng Katotohanan tungkol sa mga kaaway ng Diyos. Ginagawa Niya ito sapagkat ang Katotohanan lamang ang makakapagligtas sa sangkatauhan. Kung sakaling ang mga anak ng Diyos ay susunod sa mga kasinungalingan at sasangkot sa panlolokong galing sa plano ng antikristo, tatalikuran nila ang aking Anak pati na ang kanilang sariling kaligtasan.

**Ang Misyong ibinigay sa iyo, anak ko, ay ang huling singsing ng tanikala sa pangwakas na Tipan, na kailangang tuparin ng aking Anak sa pagsunod sa aking Ama, ang Diyos na Kataas-taasan.** Ito ang siyang magiging kasangkapan na magliligtas sa mga kaluluwa mula sa mga kuko ni Satanas at ng kanyang buktot na hukbo sa Lupa. Ito ang dahilan kung bakit ang pagkamuhing ipapakita sa iyo sa pamamagitan ng mga salita, gawa at kilos ng iba ay magiging napakalupit at napakabangis. Ang galit na kakaharapin mo ay magiging walang katumbas at kailangang maunawaan mong ganito ang inaasahang mangyayari. Ang Gawain ng aking Anak, sa panahong ito, ay mapait na lalabanan, at kailangang pagdaanan Niya at ng Kanyang Simbahan sa Lupa ang isang pangwakas na Pagpapako sa Krus bago mangyari ang pagkabuhay na mag-uli na ipinangako sa lahat ng sumasampalataya sa aking Anak.

Ang pagkamuhi ay totoo, at ibabaling ni masama ang mga kaisipan maging ng hinirang na mga kaluluwa at mga bisyonaryo laban sa iyo, aking anak. Huwag na huwag mong kaaawaan ang iyong sarili o ang mga kaluluwang yun, sapagkat ang pagdurusa ng aking Anak ay mas masahol pa nang sampung beses. Ang Anak ko pa naman, na Siyang Tagapagligtas at Manunubos ng sangkatauhan, na Siyang namatay para sa mga kasalanan ng tao, ang Siya pang maalab na kinamumuhian bunsod ng galit na pinamamahalaan ni Satanas. Ang aking Anak ang Siyang pakay ng gayung mga pag-atake, at pag naghahagis sila ng mga insulto sa iyo, anak ko, nilalatigo nila Siya muli.

**Kailangan nyong tumayo, kayong lahat, at gawin ang anumang sabihin sa inyo ng aking Anak, yamang kayo ang napili para buuin ang Kanyang Natitirang Hukbo.** Pag kayo'y nagdurusa alang-alang sa Kanyang Ngalan, para ito sa kaluwalhatian ng Diyos at sa kaligtasan ng sangkatauhan. Pag nagsanib ang Bagong Langit at ang Bagong Lupa, mahihinto na ang gayung pagdurusa at lahat ay aawit ng papuri sa Diyos.

*Ang inyong Mahal na Ina*
*Ina ng Diyos*
*Ina ng Kaligtasan*

# Ang salot ay mas kakalat pa kaysa AIDS

Martes, Mayo 7, 2013

Pinakamamahal Kong anak, lubha kang naguluhan at hinayaan mo ang iyong sarili na mawala sa Aking Paningin sa loob ng dalawang araw. Di mo ba alam kung ano ang dahilan ng gulong ito? Napaliban ka lamang ng isang araw sa Eucharist Adoration ay napagmalabisan ka na alang-alang sa Aking Ngalan, at di mo pinroteksyunan ang iyong sarili gaya ng iniutos Ko. Ang utos Ko ay ipagpatuloy mo ang paglapit sa Akin araw-araw, at dasalin ang Kabanal-banalang Rosaryo para matakpan ka ng Aking Ina ng proteksiyong kailangan mo sa ganitong Gawain.

Kaydami ng mga malapit sa Akin ang nagkakaroon ng kompiyansa kaya akala nila'y kahit gaano karaming pagdurusa ay hindi makakapigil sa kanilang pagsasagawa ng Aking Misyon, pero posible lamang ito kung tatawag kayo sa Akin para kayo'y gabayan.

Anak Ko, **ang simula ng isang salot ay malapit nang makita,** sapagkat ang Aking Ama ay maghahagis sa Lupa ng isang kaparusahan sa mga bansang umiinsulto sa Kanya at pinahihintulutan ang kasamaan at kawalang-katarungan na pahirapan ang mga kawawa at walang-salang mga tao. **Ang salot na ito ay makikita sa mukha at ang mga sugat ay hindi gagaling hangga't hindi natatapos ang Malaking Kaparusahan. Ang salot ay mas kakalat pa kaysa AIDS at siyang magiging isa sa mga palatandaan ng darating na Kaparusahan.** Ito'y masusundan ng isang taggutom sa ikatlong bahagi ng Lupa at masasaksihan sa panahon ng paghahari ng antikristo.

**Habang ang paghahari ng antikristo ay kumakalat na parang sapot ng gagamba, papantayan ito ng sunud-sunod na mga parusang ibubuhos ng Kamay ng Aking Ama sa apat na sulok ng daigdig.**

Ang makalangit na panghihimasok ay makakatulong upang mapigilan ang mga kaluluwa na masunggaban ng halimaw sa pamamagitan ng kapangyarihan ng antikristo. Ang kanyang mga alagad ay makakaranas ng nakakapaghingalong parusa at ito'y makikita sa kanilang mga mukha sa pamamagitan ng salot. Hindi nila matatakasan ang malubhang parusang ito, pati ng mga nagsasagawa ng buktot na panloloko sa Aking Simbahan sa Lupa.

Ang Babalang ito ay ibinibigay para yung mga nagdududa sa Aking Kamay ng Katarungan ay maunawaan, sa bandang huli, na ang mga tao ay magdurusa kapareho ng sa panahon ni Noe kung tatalikuran nila ang Diyos.

**Ang pangwakas na insulto sa Aking Ama, sa pamamagitan ng kasalanan ng digmaan at aborsiyon, ay magpapabagsak ng Kanyang pinakamatinding parusa sa sangkatauhan. Ang buhay ng di pa naipapanganak na sanggol, na malupit at walang pagsisising kinitil, ay may parusang kamatayan ng katawan at kamatayan ng kaluluwa.**

*Ang inyong Jesus*

# Ang Aking pinakamasidhing nais ay hanapin mo ang mga kaluluwa ng kabataan

Huwebes, Mayo 9, 2013

Pinakamamahal Kong anak, ang Pag-ibig Ko para sa mga kabataan ng bawat bansa, kulay at pananalig, na hindi kumikilala sa Akin, ay walang-hanggan. Malaki ang Aking dalamhati para sa maliliit na kaluluwang ito. Dapat silang ipagdasal, lalo na ngayon. Dadalhin Ko sila sa Aking Awa nang walang pag-aatubili kung hihilingin nyo sa pamamagitan ng Crusade Prayer na ito.

### KRUSADA NG PANALANGIN (106) Awa Para sa mga Kabataang Hindi Kumikilala sa Diyos

*Mahal kong Jesus, ipailalim mo sa Iyong proteksyon ang mga kaluluwang ito, mga anak ng Diyos na hindi kumikilala sa Iyo, hindi tumatangkilik ng Iyong Pag-ibig at hindi tumatanggap sa Iyong Pangako.*

*Ibuhos Mo po ang Iyong grasya ng pagbabalik-loob at bigyan sila ng buhay na walang-hanggan.*

*Maging mahabagin po kayo sa lahat ng hindi naniniwala sa Iyong Presensiya at silang hindi magsisisi sa kanilang mga kasalanan. Amen.*

Mahal Kong Natitirang Hukbo, ang Aking pinakamasidhing nais ay hanapin nyo ang mga kaluluwa ng kabataan, yung mga nagdududa kung merong Diyos at yung mga hindi naniniwala sa Diyos. Sila ang inyong priyoridad. **Hinihiling Ko sa inyo na ihatid ang lahat ng bansa, pananalig, kulay at relihiyon sa Aking Proteksyon. Pag dinala nyo sa Akin yung ganung mga kaluluwa, pagkakalooban Ko sila ng malalaking Biyaya at pangako ng kanilang kaligtasan.**

Importanteng huwag nyong ipagsasawalang-bahala yung mga hindi interesado sa kanilang kaligtasan. Sila ang mga kaluluwang Aking pinananabikan at susundan Ko sila sa bawat sulok, bawat bitak at bawat bansa hanggang maakay Ko sila tungo sa Aking Kaharian.

Tandaan nyo ang kahilingang ito. Tandaan nyo ang Aking nais na puntahan yung mga hindi nakakakilala sa Akin at yung mga ayaw Akong makilala.

*Ang inyong Jesus*

# Ang tubig na siya lamang kailangan para manatiling buhay ang mga anak ng Diyos ay magmumula sa Puno ng Buhay

Biyernes, Mayo 10, 2013

Pinakamamahal Kong anak, pinagpala yung mga tumutugon sa Tunay na Salita ng Diyos, sapagkat sila ang unang babangon at papasok sa Aking Bagong Kaharian.

**Yung mga hindi nabigyan ng Aking Banal na Salita, pati yung mga bansang doon ay Ako'y kinokondena, ay ang mga unang kaluluwang kailangan Kong puntahan.** Sa di nila kasalanan, pinalaki sila mula kapanganakan para itanggi ang Diyos, ang Maykapal at Maylikha ng lahat. Sisikapin Kong sila'y mapagbalik-loob sa pamamagitan ng Misyong ito at ipinangangako Ko, na sa sandalling maipakita sa kanila ang Katotohanan, sa panahon ng Babala ay mabilis silang mapupunta sa Aking Awa. Hindi Ko kailanman pababayaan yung mga niloko sa pamamagitan ng mga di-totoong doktrina, sapagkat wala naman silang magagawa at kailangan nila ang Aking Pag-ibig at Awa.

Ang Aking nais ay ang Aking mga alagad ay maghahanda na ngayong akyatin ang hagdan, isang mahaba at mahirap na pag-akyat, tungo sa espiritwal na perpeksyon. **Kayong biniyayaan ng Kaloob na maunawaan ang Aking Tinig, na nakapaloob sa Aklat ng Katotohanan, ay may tungkulin sa Akin. Ito ang kailangan nyong gawin. Gamitin nyo ang Kaloob na ibinigay Ko sa inyo, para maghanda sa espiritwal na perpeksyong kinakailangan sa inyo, ngayon habang binubuo Ko ang Aking Natitirang Hukbo sa Lupa.** Ang inyong responsabilidad ay tulungan yung masyadong mahihina, mayayabang at matitigas ang ulo para tanggapin ang Aking Kamay ng Awa. Kayo ang mamamagitan para maibigay Ko sa lahat ng kaluluwa, pati na yung mga hindi karapat-dapat sa Aking Awa, ang kaligtasang kinakailangan para mabuhay magpakailanman sa Aking Kaluwalhatian.

**Ay! Anong ganda nitong Aking Bagong Kaharian!** Kung makikita nyo lamang ito, wala ni isa sa inyo na magsasalita pa ng isang kataga laban sa Akin. **Ito ang inyong magiging bagong tahanan, ang lugar na ikaw at ang iyong pamilya ay magtatamasa ng walang-hanggang kaligayahan, kapayapaan, pagmamahalan at galak, kasama ng lahat ng nilikha ng Aking Ama para sa inyong kaligayahan.**

Ilarawan nyo ito sa inyong isip bilang isang bagong tahanan, katulad ng kung paano nilikha ang Lupa. Kaya nga lamang ay itong Bagong Langit at Bagong Lupa ay hindi magkakaroon ng dagat. Ang tubig na siya lamang kailangan para manatiling buhay ang mga anak ng Diyos ay magmumula sa Puno ng Buhay, kung saan lahat ay mapapanatiling buhay. Bawat pangangailangan ay mabibigyang-kasiyahan at lalaganap ang pagmamahalan kaya hindi magkakaroon ng anumang uri ng kalungkutan. Tawanan, pagmamahalan, tuwa, kulay, magagandang bagay na di pa kailanman nasilayan ng tao sa buong buhay

niya sa Lupa, magkakaroon ng napakarami nito.  Ang kaligayahang hindi nyo kailanman makakamtan sa Lupa ay magiging isang Kaloob sa bawat isa sa inyong bibigyan ng susi sa Aking Kaharian.

Ang buhay na naghihintay sa inyo ay pinalamutian ng mga dakilang Kaloob at kayo'y mananatiling panatag sa pagmamahal sa Akin.  Ako'y maghahari kasama ang lahat ng anak ng Diyos at wala ni isa sa inyong magkukulang ng kahit ano, gayun nga kalaki ang Aking Pagmamahal.  Ito na lamang ang tanging buhay na kailangan nyong adhikain dahil hindi na magkakaroon ng iba pang buhay pagkatapos ng Dakilang Araw ng Aking pagpunta sa inyo.

*Ang inyong Jesus*

# Ang mga milagrong ipinangako Ko sa mundo ay dadami pa sa pamamagitan ng Aking Mga Crusade Prayer

Sabado, Mayo 11, 2013

Pinakamamahal Kong anak, hindi baleng kailangan mong tiisin ang hapdi dahil sa paraan ng pagtanggi sa iyo alang-alang sa Akin, dahil ang Aking Salita ay hindi kailanman mamamatay.  Babangon Ito at lalo pang lalakas hanggang sa maging parang isang buhawi.  Lalagong ito hanggang sa ang Aking Tinig ay dadagundong na parang kulog sa buong Mundo.  Kokonti ang hindi makakarinig sa Aking Tinig at maging yung mga tumatanggi sa Akin ay patuloy na magsasalita tungkol sa Akin.  Magiging imposible para sa kanila na bale-walain ito.

Gaya ng sinumang anak na isinilang ng kanyang ina, ang mga anak ng Diyos – pati na yung mga ayaw kumilala sa Kanya – ay mapapalapit sa Kanya, dahil hindi sila makakapagpigil.  Tulad ng isang bagong-silang na sanggol na nakabuklod sa kanyang ina, bawat anak ng Diyos ay ay makikilala ang sa kanya sa pamamagitan ng paghipo, tunog at amoy.  Malalaman ng mga anak ng Diyos pag hinipo ng Presensiya ng Diyos ang kanilang kaluluwa.  Kung paanong nakikilala Ko ang sa Akin, gayundin yung mga nagmamahal sa Akin ay tutugon sa Aking panawagan.

Anak Ko, **ang Banal na Loob ng Diyos ay Makapangyarihan at tatalunin nito ang lahat ng sumasalungat sa Salita ng Diyos.**  Pag nararamdaman mong napakatindi na ng pagsalungat at pagkamuhi sa iyong Misyon, lagi kang kukuha ng ginhawa sa Aking taimtim na pangako.  At yun ay ang magligtas ng mga kaluluwa, upang ang Aking Bagong Paraiso ay maipakita na kaagad sa sangkatauhan at ang pagdurusa ay mabawasan hangga't maaari.  **Ang pagdurusa ay mababawasan sa pamamagitan ng mga panalangin ng Aking natitirang hukbo, sapagkat pinagkakalooban Ko sila ng mga natatanging grasya.**

Ang mga milagrong ipinangako Ko sa mundo ay dadami pa sa pamamagitan ng Aking Mga Crusade Prayer, at maraming makakasaksi sa mga paggaling at pagbabalik-loob.  Ang mga milagrong ito ang gagamitin Ko para ipakilala ang Aking Sarili, maging sa mga nagmamatigas sa kanilang di-paniniwala.  At alang-alang naman sa mga Crusade Prayer, pagkakalooban ng Awa ang mga lingkod ng Aking mga

Kristiyanong simbahan, at hindi na magtatagal, marami sa kanila ay bibigyan ng katibayan na totoo nga ang Mga Mensaheng ito.

**Masusunod ang Aking Loob at walang sinumang taong pipigil dito.** Maraming tututol sa Aking Loob, sisigaw ng mga kalabisan laban sa Aking Salita at duduraan ka, Aking anak, pero mapapawi rin ang kanilang pagkamuhi at kaagad nilang bubuksan ang kanilang puso, sapagkat maaalis na ang kanilang pag-aalinlangan na ang kanila ngang Guro ang tumatawag sa kanila. Ako ang Sisidlang gagamitin para sila'y linisin. Sa Aking pamamagitan lamang sila mabibigyan ng kaisa-isang posibleng proteksyon laban sa antikristo. Ang Aking proteksyon ay kailangang hanapin at ang Tatak ng Diyos na Buhay ay kailangang ibigay sa pinakamaraming kaluluwang maaaring bigyan.

Makinig kayo sa Aking mga utos at magiging maayos ang lahat. Bale-walain nyo ang Aking mga babala at, gamit ang inyong sariling lakas ay sikapin nyong labanan ang mga kawalang-katarungan, na lalaganap sa mundo pag ang mundo ay pinamamahalaan na ng kamay ng halimaw, at kakapusin kayo ng lakas. Tanggapin nyo ang Aking Mga Kaloob at mananatili kayong nakatayo, ligtas sa kaalamang kayo, ang inyong pamilya at mga kaibigan, ay Aking pinoprotektahan.

*Ang inyong Jesus*

# Ang Aking Salita ang siyang wakas. Pangwakas na Ito. Hindi na pwedeng magkaroon pa ng ibang salita

Lunes, Mayo 13, 2013

Pinakamamahal Kong anak, **ang Aking natitirang hukbo ay lalago nang napakabilis sa panahong ito at kakalat sa limampu't walong bansa.** Magkakaroon ng mga pinuno sa inyong hanay at kailangang magkaisa kayo saanman kayo naroon, sa pamamagitan ng pagbuo ng mga Jesus to Mankind Prayer Group.

Unahin nyong isama sa inyong kongregasyon yung mga sumusunod sa Akin at pagkatapos ay puntahan nyo para palapitin yung lahat ng sumusunod sa anupamang ibang doktrina. Hindi Ko kailanman magagawang paboran ang isang kaluluwa higit sa iba. Nais Kong sabihin nyo ito sa lahat ng hindi sumasampalataya sa Akin at ipinangangako Ko sa kanila na maipapakita sa kanila ang Katotohanan sa panahon ng Babala. Mahihirapan silang itanggi Ako dahil babalutin Ko ang kanilang kaluluwa sa paraang ikagugulat at ikabibigla nila. **Bubuhos ang Aking Banal na Espirito sa bawat bansang kinaroroonan ng Aking Mga Prayer Group.**

**Pararamihin Ko pa ang mga milagrong nasaksihan na, kung saan Aking pinagaling ang mga pag-iisip, espirito at katawan ng mga kawawa at maysakit sa inyong hanay.** Makikilala nyo Ako sa pamamagitan ng Aking Presensiya, na Aking ipagkakaloob sa inyo na humihingi ng mga pabor sa Akin. Pinagpala talaga kayo – kayo, ang mga anak ng henerasyong ito, na pinili kasama ng napakarami, para magtamasa ng buhay na walang-hanggan sa Aking Kaharian, na walang katapusan. Tatalunin nyo ang kamatayan. Lalamunin ng inyong lakas at tatag ang kasamaan, at hindi na mahahawahan pa ng kasalanan ang inyong mga kaluluwa.

Mga Anak Ko, marami pang dapat gawin.  Hayaan nyong gabayan Ko kayo sa Aking mga Crusade Prayer,  sapagkat imumulat nito ang inyong mga mata sa Katotohanan.  Pag nakita nyo na ang Katotohanan, malalaman nyo na sa inyong puso kung ano ang dapat gawin.  Isang paalala – pag kayo'y tinanggihan dahil sa pagsasabi ng Katotohanan, tumahimik kayo.  Ipanalangin nyo ang mga kaluluwang yun, na nawa'y mapagkalooban din ng grasya para tanggapin ang Aklat ng Katotohanan.

Ang Aking Salita ang siyang wakas.  Pangwakas na Ito.  Hindi na maaaring magkaroon pa ng ibang salita. **Sinumang magsabing siya'y nagsasalita alang-alang sa Aking Ngalan, magmula nang ang Misyong ito ay simulan noong Nobyembre, 2010, ay walang kapangyarihang gawin ito, sapagkat hindi sila galing sa Akin.** Yung mga propetang dumating bago rito, at nagsasalita rin alang-alang sa Aking Ngalan, ay pinagpala at patuloy Ko silang poprotektahan.  Ang Aking Tinig ay nangungusap sa mundo sa pamamagitan ng Mga Mensaheng ito.  Ang Aking mahal na Ina, ang Kalinis-linisang Birheng Maria, ay nagsasalita rin sa kanyang mga bisyonaryo, at ang kanyang Misyon ay pinagpapala Ko rin.

**Dapat nyong malaman na ang hukbo ni Satanas ay merong mga di-totoong propeta na matamis ang tinig kung magsalita.** Kasiya-siya, mapagmahal at nagtatago ng mga pangakong wala namang laman, sasabihin nila ang salungat na salungat sa sinasabi Ko sa inyo.  Dapat nyong malaman na tanging ang Tinig Ko lamang ang magsasabi sa inyo ng Katotohanan.  Tanging ang Tinig Ko lamang ang magsasabi sa inyo ng mga pangyayaring darating, na talaga namang nangyayari.  Wala nang iba pa,  at wala na ring bibigyan ng kapangyarihang magsalita para sa Akin, si Jesucristo, o para sa Aking mahal na Ama.

Tanggapin nyo ang kaginhawahang ibinibigay ng pagbubunyag na ito at dapat nyong malaman na tanging ang Santisima Trinidad lamang ang nakikipag-ugnayan sa ganitong paraan nang may kasamang Apoy na babalot sa lahat ng kaluluwang walang kayabangan at puno ng mapagkumbabang pagmamahal sa Akin.

*Ang inyong Jesus*

# Yung mga sumusunod sa Salita ng Diyos na itinalaga ng mga propetang nauna sa Akin, ang siya pang unang dumura sa Akin

Martes, Mayo 14, 2013

Pinakamamahal Kong anak, sa Aking mga disipulong nagdurusa alang-alang sa kanilang pananampalataya sa mga Mensaheng ito mula sa Langit, ito ang Aking masasabi:

Mahirap man ang inyong pagdurusa, dapat nyong malaman na kayo'y biniyayaan ng Aking Kaloob, na ibinigay sa inyo para tulungan kayong mamulat sa Katotohanan. **Ang mga pang-aabusong kailangan nyong tiisin sa Ngalan Ko, dahil sa inyong katapatan sa mga Mensaheng ito, ay magmumula sa mga malalapit sa inyo.  Lalo kayong masasaktan ng marami Kong sagradong lingkod na ayaw Akong**

**hanapin sa pamamagitan nitong Aking Banal na Salita.** Iinsultuhin kayo, mamaliitin, hahamunin, sisiraan at pagtatawanan, gayong ang mga tao ring ito ang nagsasabing sila'y nagsasalita alang-alang sa Banal Kong Ngalan.

**Kailangang tiisin nyo ang sakit nito kung paanong tiniis ito ng Aking mga apostol at disipulo. Sa panahon Ko sa lupa, pinalayas Ako sa mga Templo ng Diyos.** Ang Aking mga disipulo ay binalaang layuan Ako o sila'y palalayasin sa Simbahan pag nakita silang kasama Ko. Nang ipahayag nila ang Aking Banal na Salita at ikalat ang Aking Mga Aral, binantaan sila at hinagupit pa nga sa ilang pagkakataon. Ginawa silang katawa-tawa sa harap ng madla. Yung mga sumusunod sa Salita ng Diyos, na itinalaga ng mga propetang nauna sa Akin, ang siya pang unang dumura sa Akin. Kaya sila nagalit ay dahil sinabi Ko ang Katotohanan, dahil ayaw nilang marinig ang Katotohanan. Ikinatakot at ikinabahala nila ito.

Puspos ng Kapangyarihan ng Espirito Santo, ang Aking mga apostol ay kinamuhian ng marami na sumasamba sa Templo pagkatapos ng Aking Pag-akyat sa Langit. At kahit na matindi ang kanilang pagdurusa, at ang mga boses ng oposisyon ay malakas na sumisigaw sa harapan nila, naging bale-wala ito.

**Walang makapipigil sa pagkalat ng Aking Salita. Walang boses na may sapat na lakas. Walang pangangatwirang sapat na kapani-paniwala. Walang lason na sapat ang lakas. Ang Aking Kapangyarihan ay hindi maaaring lupigin.** Ang Aking Banal na Espirito ay magdadala ng bilyun-bilyong kaluluwa sa kaligtasan ng Aking Bagong Paraiso. Lahat ng boses ng pagkayamot ay patatahimikin at lahat ng pagsalungat ay patitigilin, sapagkat ang pamamagitna ng Aking Ama ay magbibigay ng katiyakang ang lahat ng dawag at malalaking bato na nakakalat sa Daan ng Katotohanan, ay malilipol.

Tanging ang Aking Tinig na lamang ang matitira. Ito na lamang ang magiging Tinig ng Kapangyarihan, na mananatili, at pagkatapos ay sasapit na ang Dakilang Araw.

*Ang inyong Jesus*

# Diyos Ama: Ang Aking Dakilang Panghihimasok para iligtas ang sangkatauhan ay nagsimula na at ang bilis ng Aking pagkilos ay makikita ng lahat

Miyerkules, May 15, 2013

Pinakamamahal Kong anak, ang Espirito ng Diyos ay ibinubuhos na sa Lupa sa paraang hindi pa ito ginawa kailanman.

Para ihanda ang Aking mahal na mga anak para sa Bagong Paraiso, na naroon at naghihintay sa kanila, binabalot Ko sila ng Espirito ng Katotohanan. Ang ilan ay tatanggapin ito nang buong puso at pasasalamatan ang biyayang ito. Ang iba nama'y tatangi dahil hindi nila bubuksan ang kanilang puso.

Ang Aking Dakilang Panghihimasok para iligtas ang sangkatauhan ay nagsimula na at ang bilis ng Aking pagkilos ay makikita ng lahat.  Ang mga milagro, na Aking pinahihintulutan, ay kakalat at pag-uusapan. Ito'y magdudulot ng mas marami pang pagbabalik-loob.  At kasabay ng paglaganap ng Aking Espirito ng Pag-ibig, ang pagkilos naman ni masama at ng kanyang mga alagad ay dadami.

Pipigilan ng Aking Kamay ang masasamang pagkilos ng mga nagsisikap maglunsad ng digmaan, pagpaslang at aborsiyon sa Aking mga anak.  Babagsak din ang Aking Kamay sa mga nagpapahirap sa mga tapat na alagad ng Aking mahal na Anak at sa mga nagsisikap alisin ang Kanyang Presensiya sa Banal na Eukaristiya.

Pakinggan nyo na ngayon ang Aking Tawag.  Lahat ng Aking mga anak ay palalapitin Ko sa Aking Awa. Ang mga tumatanggi sa Aking Anak ay tumatanggi sa Akin.  Ang mga nang-iinsulto sa Aking Anak ay hindi makakapunta sa Akin.  Ang mga tumatanggi sa kanyang Mga Aral at bumabaluktot sa Katotohanan ay tumatanggi sa Aking Pag-iral.  Hindi kayo pwedeng gumawa ng inyong sariling mga batas at sumunod din sa Akin.  At hindi rin nyo pwedeng pahintulutan ang paggawa ng kasalanan at umasa ring makikita nyo ang Aking Mukha.

Pag hindi nabawasan ang kasalanan, parurusahan Ko yung mga bansang may pananagutan sa mga kasalanang sumusugat sa Aking Damdamin.  Patuloy at hindi nanghihina ang Aking Banal na Espirito, gayundin ang Aking Panghihimasok para pigilan ang pagkalat ng kasalanan.

Sabay-sabay na makikita ang mga pagbabagong ito.  Di magtatagal, pag bawat pagsisikap ng Aking Anak, sa pamamagitan ng Kanyang Simbahan at ng Kanyang mga alagad, ay nagawa na para palaganapin ang Katotohanan, darating na ang araw na ang Dakilang Awa ng Aking Anak ay bababa sa sangkatauhan.  At di magtatagal pagkatapos, darating na ang Araw ng Paghuhukom.

Maghanda kayo, mga anak Ko, ngayon na, dahil maaaring dumating kahit anong oras ang araw na yun.  Yung mga sumusunod lamang sa Aking Mga Utos, at nagpapakita ng pagsisisi sa kanilang mga kasalanan, ang maaaring maligtas at maliligtas.

*Ang inyong mahal na Ama*

*Diyos na Kataas-taasan*

# Ang Pag-ibig lamang ang galing sa Akin.  Hindi ang pagkamuhi

Huwebes, May 16, 2013

Pinakamamahal Kong anak, sa Kapangyarihan ng Pag-ibig maliligtas ang sangkatauhan.  Ang Pag-ibig na tinutukoy Ko'y ang Pag-ibig ng Diyos, na dumadaloy sa puso ng sangkatauhan.  Ang Pag-ibig ng Diyos ay nasa mga puso ng lahat Niyang anak, pati ng sa mga tumatanggi sa Kanya.  Ang inyong pagmamahalan ang magpapatatag sa inyo sa panahon ng mga pagsubok na inyong haharapin.

Pakitaan nyo ng pag-ibig at kalinga ang inyong kapwa at maging mabuti kayo sa mahihirap, sa mahihina at walang-magagawa, at aangkinin Ko kayo magpakailanman.

Sa ilan sa inyo na malupit kung tratuhin ang kapwa, nananakit sa mga nasasakupan nyo, at bubulung-bulong nang may masamang hangarin tungkol sa inyong kapwa, matutulad kayo sa mga sisidlang walang laman na walang maibibigay sa Akin. Kailangang lagi nyong sundin ang Aking Mga Aral. Pag-ibig lamang ang galing sa Akin. Hindi ang pagkamuhi. Yung mga nagsasabing iginagalang nila Ako at masama naman ang sinasabi tungkol sa kanilang kapwa, sabihin man nilang itinataguyod nila ang Aking Salita at ipinaglalaban ang Aking Ngalan - hindi nila Ako iginagalang. Iniinsulto nila Ako at malalantad ang kanilang kahihyan sa Dakilang Araw. Huwag na huwag nyong iisipin, kahit sandali lang, na mabubuhay kayo nang walang pagmamahal sa inyong puso para sa inyong kapwa, sapagkat kung wala kayong pagmamahal sa inyong kapwa, tumatanggi kayo sa Kaloob na ibinibigay nang walang bayad sa lahat ng anak ng Diyos. Kung talagang mahal nyo Ako, tatratuhin nyo nang may pagmamahal at paggalang ang inyong kapwa. Pag malupit kayo sa inyong kapwa, pag masama ang sinasabi nyo tungkol sa inyong kapwa, o sinisiraan sila nang walang batayan, tinatanggihan nyo ang Pag-ibig na ipinagkakaloob Ko sa inyo. Sa lugar nito ay pagkamuhi. Ang pagkamuhi sa kapwa ay galing kay Satanas. Pag pinayagan nyo ang pagkamuhi na patigasin ang inyong kaluluwa, inilalayo nyo ang inyong sarili sa Akin at lubhang mababagabag ang inyong kaluluwa.

Pag minahal nyo ang inyong kapwa alang-alang sa Aking Ngalan, gagawin nyo ito sa salita, sa gawa at sa mga akto ng pagmamahal. Ang pagmamahal sa Diyos, na isinasabuhay ayon sa Kanyang kagustuhan, sa pamamagitan ng Kanyang mga anak, ay makakapagligtas ng sangkatauhan. Talo ng pag-ibig ang kasamaan. Ang kapangyarihan ni Satanas ay nawawasak sa isang iglap pag pinakikitaan nyo ng pagmamahal yung mga nagmamaltrato sa inyo. Kailangang trabahuhin nyong mabuti na mabalot kayo ng pag-ibig para maikalat nyo ang dakilang kaloob na ito sa iba.

Ang pag-ibig ay nanganganak ng pag-ibig sa iba. Ang pag-ibig ay nagdudulot ng buhay. Ang pag-ibig ay nagdudulot ng pagpapatawad. Winawasak ng pag-ibig ang kasamaan. Kung walang pag-ibig, lalago ang kasamaan.

*Ang inyong Jesus*

# Magagalak ang mundo, dahil pababagsakin ang Aking Simbahan sa Roma kasama ng mga bansang Hudyo

Biyernes, May 17, 2013

Pinakamamahal Kong anak, matalik Kong ibinubunyag sa iyo ang Aking hapdi at dalamhati habang minsan Ko pang isinasabuhay ang paghihingalong pinagdaanan Ko sa Hardin ng Mga Oliba.
Noon, ang hapding naramdaman Ko, na nilikha ni masama nang ipakita niya sa Akin ang mga pangitain sa hinanarap, ay dulot ng paganismong lalaganap sa Lupa sa inyong panahon. Alam Ko na noon pa, gaya nang makikita ngayon, ang pagkamuhi sa Akin, si Jesucristo, sa mundo.

Ang Aking paghihirap ay pinalalala pa ng katunayang ang sangkatauhan ay hindi pa nauunawaan ang Sakripisyong ginawa Ko para sa kanilang mga kaluluwa. Ang Pagpapako sa Akin sa Krus ay para iligtas ang bawat henerasyon, pati na yung nasa mundo sa kasalukuyan. Matindi ang hapding nadarama Ko ngayon at ang Aking pagdurusa ay nakikita sa inyo at sa iba pang mga biktimang kaluluwa, para mailigtas Ko ang mga pinaka-napinsala sa inyo.

Umiiyak Ako ng mapapait na luha at halos sumabog ang Aking Puso habang ang kasalanan ay pinalalaganap sa pamamagitan ng mga batas ng inyong mga bansa, na pupuwersahing matukso ang mga inosenteng kaluluwa. Ngayo'y hindi na lamang ipapalagay nila na ang kasalanan ay mabibigyan na ng katwiran dahil pinapayagan na ng mga batas sa kanilang mga bansa, kundi sila'y aakusahan ding lumalabag sa mga batas ng kanilang bansa kung itataguyod nila ang Aking Banal na Salita.

Ay! Gaano na lamang kayo naloko! Gaano kalayo na kayo sa Akin! Gaano kalalim nyo sinugatan ang Aking Damdamin! Kayong mga may responsabilidad na ipahayag ang Aking Salita, pakinggan nyo Ako ngayon. Tungkulin nyong ingatan sa lahat ng sandali ang Aking Banal na Salita. Panata nyong sundin ang Aking Salita at ang Aking Mga Aral, kung paanong ito'y nakapaloob sa paglikha ng Aking Simbahan sa Lupa. Huwag na huwag kayong lilihis sa Katotohanan. Ihanda nyo ang inyong mga kaluluwa, sapagkat hindi na magtatagal, pipilitin kayo laban sa inyong kalooban na itanggi Ako sa pamamagitan ng Mga Sakramento. Kailangang maging laging listo kayo sa mga malalaking pagbabagong darating.

Sa buong sangkatauhan, nananawagan Ako sa inyo na tumugon sa Aking Tinig, ang Tinig ng Katotohanan, ang Tinig ng Pag-ibig, ang Tinig ng inyong Guro. Malapit nyo na Akong makita. Sa panahong yun, maaalis ang mga agiw sa inyong mga mata at magiging malinaw ang Katotohanan. Sa pagbubukang-liwayway ng Araw ng Aking Awa, dapat nyong malaman na ang Aking Ikalawang Pagdating ay malapit na malapit na. At bagamat pinananabikan Ko ang paglapit nyong lahat sa Akin, umiiyak Ako dahil sa dalamhati para sa mga kaluluwang mawawala sa Akin.

Binabalaan Ko yung mga sinusubukan Akong pigilan sa pagliligtas ng mga kaluluwa: parurusahan Ko kayo kung patuloy nyong hahamunin ang Salita ng Diyos. Ang tinutukoy Ko ay hindi ang Mga Mensaheng ito, bagamat nalulungkot Ako dahil hindi nyo Ako pinakikinggan, kundi ang pag-aalis ng Aking Banal na Salita sa inyong mga bansa.

Lalabanan ng liwanag ang kadiliman. Ang Liwanag ng Diyos ang magpapanatili sa inyong buhay. Sinisira kayo ng kadiliman. Ang Aking Liwanag ay magiging lalo't lalo pang matingkad hanggang lubusang alisin ang Aking Banal na Eukaristiya. Sa panahong yun, lalabo na ito. Pagkatapos, ang Aking Simbahan ay guguho at parang mamamatay. Magagalak ang mundo dahil pababagsakin ang Aking Simbahan sa Roma kasama ng mga bansang Hudyo. Ito ang magiging pinakamalaking panloloko sa sangkatauhan at yung mga tatanggap sa masamang uri ng paganismong ito ay matatangay ng baha. At, pagkatapos ng apoy na kakalat sa Lupa, ang Aking Simbahan ay babangong muli sa buo nitong kaluwalhatian. Ito ang magiging wakas para sa mga makasalanang tumatanggi sa Aking Kamay, pero ang simula ng Buhay na Walang-hanggan naman para sa mga nagmamahal sa Akin.

*Ang inyong Jesus*

# Kaagad silang patatawarin kung magkakaroon lamang sila ng tapang at Ako'y tatawagin para tulungan silang maiahon sa kanilang pagdurusa

Biyernes, May 17, 2013

Pinakamamahal Kong anak, dapat mong malaman na lahat ng makasalanan, lalo na yung mga gumawa ng nakakakilabot na mga bagay, ay kailangang lumapit sa Akin. Pinananabikan Kong pansinin nila Ako at nais Kong dalhin sila sa Aking Puso, dahil mahal Ko sila. Kaagad silang patatawarin kung magkakaroon lamang sila ng tapang at Ako'y tatawagin para tulungan silang maiahon sa kanilang pagdurusa. Huwag na huwag nila Akong katatakutan. Ako ang Maawain Magpakailanman. Mas malapit pa nga sila sa Akin kaysa yung mga nagsasabing sila ang mga kumakatawan sa Akin sa Lupa, pero mga ipokrito naman, gaya ng mga Pariseo noon.

Akin na ang iyong kamay. Kahit anupamang pinag-gagawa mo, bababa Ako sa iyo. Ang Aking Panalangin, na ibinibigay Ko ngayon sa iyo, ay magdadala sa iyo sa Aking Puso at Ako'y mananahan sa iyo at ikaw ay maliligtas.

**KRUSADA NG PANALANGIN (107) Iligtas Mo Ako sa Apoy ng Impyerno**

*Ako ay lubhang makasalanan, Jesus. Dahil sa mga kilos ko, ako'y naging sanhi ng matinding pagdurusa sa iba. Ako'y tinataboy dahil dito. Ako'y hindi na sinasang-ayunan saan man sa mundo.*

*Iligtas mo ako sa ilang na ito at ipagsanggalang ako mula sa mahigpit na kapit sa masama.*

*Hayaan Mong ako'y magbalik-loob. Tanggapin Mo ang aking taimtim na pagsisisi. Punuin Mo ako ng Iyong Lakas at tulungan akong bumangon mula sa kalaliman ng kawalang pag-asa.*

*Iniaalay ko sa Iyo, mahal na Jesus, ang aking malayang kalooban, para maganap sa akin anumang nais Mo, upang ako'y maligtas mula sa apoy ng Impyerno. Amen.*

Hayo na, anak Ko, sa kapayapaan, sapagkat hindi Ko kailanman pababayaan yung mga humihingi sa Akin ng Awa.

*Ang inyong Jesus*

# Pag naroon ang Espirito Santo, kakalat itong parang apoy at gagawa ito ng maraming kopya ng Salita ng Diyos sa maraming wika

Sabado, May 18, 2013

Pinakamamahal Kong anak, ang Kaloob na Espirito Santo ay masyadong hindi nauunawaan. Ito'y isang mahalagang Kaloob at ito'y ibinubuhos sa sangkatauhan sa Pagiging-Mapagbigay ng Diyos. Ito'y napakamapagmahal na ibinibigay sa lahat, pero hindi lahat ay tinatanggap ito. Hindi lahat ay may

kakayahang tanggapin ang Kaloob na ito. Yung mga nag-aakalang sila'y karapat-dapat sa Kaloob na ito dahil kilala nila Ako, at napag-aralan na ang lahat ng aspeto ng teolohiya, ay hindi nangangahulugan kaagad na sila'y handang tanggapin ang Kabanal-banalang Kaloob na ito.

Sa loob ng sampung araw sa Senakulo, ang Aking mahal na Ina ay kinailangang ma-pasensyang ipaliwanag sa Aking mga apostol ang kahalagahan ng kababaang-loob. Kung wala kayong kababaang-loob, hindi kayo mapupuspos ng Kaloob na ito mula sa Langit. Ilan sa Aking mga apostol ang nag-akalang sila, bilang mga hinirang na disipulo, ay mas magaling kaysa mga ordinaryong tao dahil mas malapit sila sa Akin at ang iba'y dapat magpatirapa kaagad sa kanilang paanan. Pero, siyempre, hindi naman ito ang itinuro Ko sa kanila. Ang Aking Ina ay gumugol ng maraming mahahabang oras para ipaliwanag sa kanila kung paanong ang kayabangan ay pumipigil sa Espirito Santo na pumasok sa kanilang mga kaluluwa.

Pag pumasok ang Espirito Santo sa isang kaluluwa, may dala itong maraming Kaloob. Ito'y maaaring Kaloob na Kaalaman, Kaloob na Mga Wika, Kaloob na Karunungan, Kaloob na Pag-ibig, Kaloob na Pagpapagaling o Kaloob na Propesiya. Sa kaso ng Aking mga apostol, agad nilang naunawaan na, pagkatanggap na pagkatanggap nila ng Kaloob na ito, hinding hindi na nila mapayagan ang kasalanan ng kayabangan na mamantsahan ang kanilang Misyon mula noon. Sapagkat sa oras na pumasok na ang kayabangan sa isang tao, na nakatanggap na ng Kaloob na Espirito Santo, ang Espirito ng Diyos ay nawawala at sa lugar nito ay mananahan ang espirito ng kadiliman.

Ang isang madilim na kaluluwa ay hindi makakapagbigay ng Liwanag ng Espirito Santo sa iba. Ang maaari lamang nitong ikalat ay kadiliman. Ang kadiliman ng espirito ay nanloloko sa kapwa. Lalo itong mapanlinlang pag ito'y nagmumula sa isang taong itinuturing na isang banal na disipulo o eksperto sa Aking Mga Aral. Wala itong ibinubunga kundi pagkamuhi, pagkabagabag at kawalang-pag-asa.

Para matanggap ang Kaloob na Espirito Santo, ang inyong mga kaluluwa ay kailangang linisin at mawalan ng kasalanan ng kayabangan at kung hindi ay hindi ito kailanman ipagkakaloob sa inyo. Pag naroon ang Espirito Santo, kakalat itong parang apoy at gagawa ito ng maraming kopya ng Banal na Salita sa maraming wika. Magdudulot ito ng paggaling ng isip, katawan at espirito at magdadala ito ng karunungan, na maaari lamang na magmula sa Diyos. Palalaganapin nito ang pagbabalik-loob sa buong mundo.

Kaya sa mga bungang ito nyo malalaman kung saan naroon ang Espirito Santo. Ang pag-apaw ng mga Kaloob na maaaring magkaroon, pati na mga milagro mula sa Langit, ay ipinakita na sa Aklat ng Katotohanan para sa kapakanan ng lahat - Ang Aklat na ipinangako sa buong sangkatauhan para sa panahong ito. Magmagandang-loob kayong tanggapin ito at magpasalamat kayo sa Diyos para sa isa sa mga huling Kaloob mula sa Langit bago dumating ang Dakilang Araw.

*Ang inyong Jesus*

# At sa sandaling Ako'y nalimutan na nila, ang Aking Simbahan ay muling mabubuhay, gaya ng ginawa Ko

Linggo, May 19, 2013

Pinakamamahal Kong anak, ang kamatayan ay mawawalan na ng kapangyarihan sa mga anak ng Diyos na nagmamahal sa Kanya, sa Aking Bagong Paraiso.

Nakakalungkot, na ang Mga Mensaheng ito ay magdudulot ng di-angkop na takot sa mga nag-aakalang pag inalis ang Lupang ito para itayo ang Bagong Langit at Lupa, ay sila'y mamamatay. Hindi totoo ito. Yung mga kalugud-lugod sa Akin at tinatanggap ang Aking Kamay ng Awa ay bibiyayaan ng Kaloob na buhay. Maging ang mga walang Diyos, ang mga hindi sumasampalataya sa Diyos, mga di-Kristiyano at mga may ibang pananalig, ay lalapit sa Akin at tatanggapin ang Aking Kaloob, pagkatapos mangyari ang Babala. Ito ang sandaling tatalunin Ko ang halimaw, dahil bibigyan Ko ng Buhay na Walang-Hanggan ang bilyun-bilyong kaluluwang nabubuhay sa mundo.

Ang kasalanan, na inilagay ng halimaw kina Adan at Eba, ay mawawala na. Tatalunin ito ng Aking Awa. At kung paanong sinisira ng kasalanan ang katawan, ang Aking Liwanag naman ang magdadala sa sangkatauhan sa Buhay na Walang-hanggan. Ang kamatayan, karamdaman, katandaan ay mawawala na sa Aking Bagong Paraiso. Ang Aking mga hinirang na mga anak – bilyun-bilyon sila – ay magkakaroon ng perpektong katawan at kaluluwa, kaisa ng Dibinong Loob ng Aking Ama.

Siya, ang Aking Ama, ay nagbigay ng Buhay na Walang-hanggan kina Adan at Eba at tinanggihan nila ito. Kaya sila at lahat ng kanilang inapo ay nawalan ng Kaloob na Paraiso at Buhay na Walang-hanggan. Ngayon, sa wakas, ay mababago na ito. Dito sa pangwakas na bahagi nitong Aking Tipan, kailangang muling itanghal ang Aking Buhay, Kamatayan at Muling Pagkabuhay. Ang Aking Simbahan, kagaya Ko, ay inusig na rin at titiisin nito ngayon ang isang malupit na pambubugbog, isang masakit na pag-atake, at isang parang malaking pagkatalo. At pag ito'y naipako na sa krus at naitapon sa isang tabi, ito'y parang sinunog na at tuluyan nang nalimutan.

Ang paganismo ay lalaganap. Pero dahil ito'y dinadala at pinamumunuan ni masama, ito'y magiging maingat na huwag ipakita ang kanyang tunay na kulay. Ito'y ihaharap sa mundo bilang isang bagong uri ng katarungang panlipunan – isang bagong anyo ng pagka-makatao, kung saan lahat ng pangangailangan ng tao ay tinutugunan. Kasama sa mga pangangailangang ito ang karapatang gumawa ng kasalanan, pero ang mga kasalanang ito, bilang paghamon sa Diyos, ay ituturing na karapatang moral ng tao.

Sobrang kasuklam-suklam sa Akin, si Jesucristo, ang masamang one world religion na ito. Hindi lamang nila Ako tatalikuran, kundi lalagyan pa nila ng mga simbolong sataniko ang mga kinalalagyan ng Aking Krus sa napaka-garapal na paraan. Ang Aking Ostiya ay itatapon. Isang kaibang sakripisyo ang gagawin sa mga altar ng mga simbahan. Ang halimaw ang kanilang sasambahin nang lantaran, at bibigyan niya sila ng maraming kapangyarihan. Ito ang dahilan kung bakit marami ang maniniwala na yung mga namamahala sa kasuklam-suklam na ito ay magkakaroon ng mga kapangyarihang gumawa ng milagro. At kahit parang sila'y sumusunod sa isang mabuti at makatarungang simbahan, wala itong ibubunga kundi kadiliman.

Mga selebrasyon at malalaswang asal ang masasaksihan sa mga simbahang ito, na itinayo para parangalan Ako, si Jesucristo, pero mawawala ang Aking Presensiya dito. At sa sandaling Ako'y nalimutan na nila, ang Aking Simbahan ay muling mabubuhay, gaya ng ginawa Ko. Muli itong mabubuhay sa mga publikong lugar. At titipunin Ko ang lahat Kong anak na nanatiling tapat sa Aking Salita at yung mga namulat na sa Katotohanan. At kami'y tataas, kasama ang mga naghintay sa Dakilang Araw, pero patay na, sa Bagong Paraiso.

Yung mga tumatanggi sa Akin, pagkatapos ng lahat ng pagsisikap Kong iligtas ang kanilang mga kaluluwa, ay itatapon sa malayo. At ang Aking Paghahari ay magsisimula at bubuuin ang Kahariang ipinangako sa Akin ng Aking Ama.

Huwag na huwag nyong katatakutan ang hinaharap, sapagkat ang Aking Bagong Kaharian lamang ang makakasiya sa inyong kawawa at nagdadalamhating mga puso. Tanging ang Aking Bagong Kaharian lamang ang magbibigay sa inyo ng Buhay na Walang-hanggan.

Kailangang ipanalangin nyo ang isa't isa para kayo'y maging karapat-dapat sa pagtanggap sa Dakilang Kaloob na ito.

*Ang inyong Jesus*

# Yung lahat ng kasapi sa mga Kristiyanong Simbahan ang unang lalapit sa Akin. Pagkatapos, sa paglipas ng panahon, ang mga Hudyo naman ang lalapit at Ako'y tatanggapin sa wakas

Lunes, May 20, 2013

Pinakamamahal Kong anak, habang lumalaganap ang Misyong ito, ang Aking Salita ay bibigkasin sa maraming wika. Ang Mga Mensahe Kong ibinibigay sa iyo ngayon ay nagpapaalab sa Aking Banal na Salita sa Bagong Tipan. Ipinagugunita rin sa mundo nitong Aking Mga Mensahe ang Salita ng Diyos na nakapaloob sa Banal na Biblia.

Hindi Ko muling sinusulat ang Salita, ipinagugunita Ko lamang sa iyo kung ano ang kahulugan nito ngayon. Kinakausap Ko rin ang mundo para ihanda sila sa Aking Ikalawang Pagdating, dahil ayaw Kong sila'y mawala. Ang laki ng Aking pagmamahal at tuwa pag nakikita Ko ang Aking tapat na mga alagad na tinatanggap Ako kung ano Ako. Yung mga nakaalam kaagad na Akong si Jesucristo ang Siyang nagsasalita sa kanila sa pamamagitan ng Mga Mensaheng ito, ay pinagpala. Sila ang mga hindi kailanman nagduda. Ramdam nila ang Aking Presensya. Parang patalim na tinusok ng Aking Salita ang kanilang puso. Hinipo ng Aking Espirito ang kanilang kaluluwa. Alam nga nila. Nakilala nila Ako at ang tindi ng pagdurusa nila dahil dito.

Kayong mga mahal Kong anak, dapat nyong malaman, na nang tumugon kayo sa Aking Tawag, kayo'y binigyan Ko ng isang natatanging Kaloob, isang pagpapala, na tutulong sa inyo na pagdaanan itong

Landas tungo sa Buhay na Walang-hanggan. Kakailanganin nyo ang mga Kaloob na ito, dahil kayo ang magiging gulugod ng Aking Natitirang Hukbo at pamumunuan nyo ang iba, na sa dakong huli ay susunod din sa inyo.

Susunod sa inyo ang maraming tao ng lahat ng bansa pag wala na silang masulingan, para makibahagi sa Aking Mga Aral. Yung lahat ng tapat sa Akin, si Jesucristo, ay bibigyan ng mga bagong Kaloob para tulungan silang magkaisa sa buong mundo sa pakikiisa sa Akin. Yung lahat ng kasapi sa mga Kristiyanong Simbahan ang unang lalapit sa Akin. Pagkatapos, sa paglipas ng panahon, ang mga Hudyo naman ang lalapit at Ako'y tatanggapin sa wakas. Lahat ng iba pang relihiyon ay makikita ang Katotohanan ng Aking Mga Aral at sila'y susunod din sa Akin. Pero hindi lahat sila ay tatanggap sa Katotohanan, kahit na ilapit ito sa nakamulat nilang mga mata.

Pagkatapos ay nariyan ang mga hindi sumasampalataya, at marami sa kanila ay mabubuting tao. Kaisipan ng tao ang ginagamit nila para patunayang walang Diyos. Pero sila – kasama ang marami sa kapareho nilang mga Kristiyano na walang-sigla ang pananampalataya – ay unang tatakbo patungo sa Akin. Mabubuksan ang kanilang puso at dahil makikita nila na ang patotoo Ko ay nagkakaroon ng bisa, malalaman nila na Ako ang tumatawag sa kanila. Hindi nila Ako lalabanan, hindi tulad ng matitigas ang ulong mga kaluluwa na akala'y mas marami pa silang alam kaysa Akin tungkol sa ipinangako Kong pagbabalik para iharap ang Pangwakas na Tipan.

Sa bawat gawaing ibigay Ko sa inyo, parami nang parami ang mga bansang papasan ng Aking Krus para gumawa ng kaisa-isang daan tungo sa Akin. Huwag na huwag kayong mag-aatubiling lumakad katabi Ko pag kayo'y tinatawag Ko, dahil pag tumutugon kayo sa Akin, wawasakin nyo ang kapangyarihan ng kasamaan. Ang kasamaan ay maaaring magdulot sa inyo ng hapdi, pero kung magpapaakay kayo sa Akin, malalampasan nyo ang bawat hadlang sa inyong daan.

Mahal Ko kayo at Aking ginagabayan, tulad ng pagprotekta Ko sa mga Prayer 'Group sa buong mundo.

*Ang inyong Jesus*

# Pagdating ng panahon para ilantad na ng halimaw ang antikristo, magkakaroon ng malalaking palatandaan

Martes, Mayo 21, 2013 @ 4:30 pm

Pinakamamahal Kong anak, pagdating ng panahon para ilantad ng halimaw ang antikristo, magkakaroon ng malalaking palantandaan. **Magkakaroon ng isang uri ng kulog na hindi pa narinig ninuman hanggang ngayon, at maririnig ito sa maraming lugar sa mundo pero lalung-lalo na sa lugar ng kapanganakan ng antikristo.**

Sa panahong yun, **ang Aking Banal na Espirito, na ibinuhos na sa Aking Mga alagad, sa lahat ng Aking Kristiyanong Simbahan, ay magbibigay ng katiyakan na sila'y handa na.** Sila, kasama ng Aking mga

disipulo mula sa Misyong ito, ang bubuo ng Natitirang Hukbo. **Magkakaroon sila ng malaking kapangyarihan at walang kapahamakang aabot sa mga merong Tatak ng Diyos na Buhay. Ang kanilang kapangyarihan ay manggagaling sa Mga Panalanging ibinigay sa kanila ng Aking Ina at sa Mga Crusade Prayer.**

Sisimulan ng antikristo ang kanyang paghahari sa malumanay na paraan. Walang magsususpetsa sa kanyang pakay dahil magkakaroon sa Mundo ng isang uri ng kapayapaan. Magiging napaka-importante ng panahong ito para sa inyo, Aking Natitirang Hukbo, para kayo'y magtipun-tipon sa mga Prayer Group. Ipinangangako Ko, na sa pamamagitan ng Mga Panalanging ito, mababawasan ng malaki ang mga nakakakilabot na bagay na gagawin ng antikristo sa mga bansa sa apat na sulok ng Mundo.

**Bibigyan Ko ng palugit ang lahat ng bansang kinaroroonan ng mga Prayer Group.** Sa pamamagitan ng inyong debosyon sa Akin, ang inyong mahal na Jesus, ililigtas Ko ang mga kaluluwa at magbubuhos pa Ako ng higit pang Mga Kaloob sa sangkatauhan, para protektahan ang mga anak ng Diyos sa mga pagdurusang pinaplano ng halimaw.

Manalig kayo sa Akin. Maging payapa kayo dahil alam nyong kayo'y ginagabayan at pinoprotektahan.

*Ang inyong Jesus*

# Ang Aking mga Kristiyanong sundalo ang bubuo ng pinakamalaking Hukbo laban sa antikristo

Huwebes, Mayo 23, 2013 @ 10:30 pm

Pinakamamahal Kong anak, **malapit nang maramdaman ng Aking mahal na mga alagad sa buong mundo ang Aking Presensiya, dahil magpaparamdam Ako sa kanilang puso sa paraang hindi pa nila kailanman naranasan.** Ganito Ko ihahanda ang mga Kristiyano para lumaban, alang-alang sa Akin, para iligtas ang mga kaluluwa ng lahat ng tao. Ang Aking mga Kristiyanong sundalo ang bubuo ng pinakamalaking Hukbo laban sa antikristo. Ang tinutukoy Ko ay yung lahat ng nakakakilala sa Akin at nananatiling tapat sa Aking Banal na Doktrina, na nakapaloob sa Kabanal-banalang Biblia. Tinutukoy Ko rin yung mga nagsasabuhay ng kanilang pananampalataya; yung mga sumasampalataya sa Akin pero hindi naman Ako dinadalaw, at yung lahat nang nananatiling tapat sa Katotohanan. **Magtitipun-tipon kayo sa bawat sulok ng mundo at, kahit sasapi kayo sa Aking Natitirang Hukbo na iba't iba ang inyong wika, magkakaisa kayo sa Akin.**

Yung mga sumusunod sa Mga Mensaheng ito ang bubuo ng butil na panggagalingan ng mga suloy at pagkatapos ay mga sanga ng Aking Natitirang Hukbo sa buong mundo. **Wala ni isang bansang hindi hihipuin ng Aking Banal na Espirito sa pamamagitan ng Aklat ng Katotohanan.**

**Pagkakaisahin kayo ng Aklat ng Katotohanan pag sinubok ang inyong pananampalataya.** Pag ang katapatan sa Akin ay pinakialaman na at Ako'y itinapon na sa labas ng inyong mga simbahan, tinapak-

tapakan at inilibing na para di na muling makita pa, babangon kayo at pananatiliin nyong buhay ang Aking Salita. **Ang Apoy ng Espirito Santo ang gagabay sa inyong bawat hakbang sa daan.** Makakaramdam kayo ng lakas at tapang, na ikagugulat kahit ng pinakamaamo sa inyo. Ang mahihina ay lalakas. Ang matatakutin ay tatapang at ang api-apihan ay magmamartsa bilang mga mandirigma ng Katotohanan. At habang ang Aking Natitirang Hukbo ay lumalaki at nagiging milyun-milyon na ang dami, maraming hadlang ang ilalagay sa harapan nila. Mga insulto, mga sumbat ng maling pananampalataya, mga kasinungalingan, galit at pagkamuhi ang kanilang mapapala. Kabi-kabila naman ang pagkalito ng mga naninira, dahil ang pangangatwiran nila ay tadtad ng kamalian, kontradiksyon at hindi maintindihang mga pahayag. Ang impluwensiya ni Satanas ay laging lumilikha ng kalituhan, kaguluhan, di-makatwiran at tusong mga pahayag, at lagi itong nahahaluan ng pagkamuhi sa mga anak ng Diyos. Yung mga biniyayaan ng Liwanag ng Diyos at Liwanag ng Katotohanan ay aakit ng mga pag-atake na nakakakilabot at puno ng pagkamuhi. S**apagkat kung saan Ako Naroon, makatitiyak kayo na ang pag-usig sa mga nagpapahayag ng Aking Banal na Salita ay magiging matindi. Pag lumala ang pag-usig sa anumang Misyon ng Diyos, makatitiyak kayong si Satanas ay galit na galit.**

Pag kayo'y nagdusa, at pahihirapan nga kayo ng pagkamuhing ipaparamdam sa inyo dahil pinapasan nyo ang Aking Krus para sumunod sa akin, lalo pang mag-aalala ang halimaw at lalo pa siyang gagawa, gamit ang mga kaluluwang may bahid ng kasalanan ng kayabangan, para wasakin kayo. Kailangang huwag nyong pansinin ang mga pag-atakeng ito. Maging payapa kayo, dahil pag mas matindi ang kanilang pagkamuhi sa inyo, mas sigurado kayo na talagang kaisa nyo Ako, ang inyong Jesus.

Humayo kayo sa pag-ibig at kapayapaan at kaalaman na Ako'y nabubuhay sa inyong puso.

Ang inyong Jesus

# Yung mga sumisigaw sa galit sa Aking Salita at nagsasabing Ito'y galing kay Satanas ay makikipamahay sa halimaw magpakailanman

Biyernes, Mayo 24, 2013 @ 9:50 pm

**Pinakamamahal Kong anak, saanman ang Aking Tinig ay pinapakinggan, sa bawat lugar, at sa bawat templong itinalaga para sambahin ang Diyos, magkakaroon ng kaguluhan. Maraming nagbibigay-galang sa Akin, sa aking Mga Aral, sa Aking Simbahan, pero pag narinig nila ang Aking Tinig, na iniuutos ngayong Ito'y bigyang-pansin, tatakpan nila ang kanilang tenga.**

Ang Aking Tinig ay mapupunta sa mga bingi at suwail na mga kaluluwa. Ang Aking Tinig, ang Aking Salita at ang Aking Panawagan ay pagalit na tatanggihan at idudura, habang Ako'y inuusig sa huling pagkakataon sa Mundo. **Ito ang pangwakas na panawagan para ilapit ang mga anak ng Diyos tungo sa Aking Puso, bago mangyari ang Aking Ikalawang Pagdating, pero maraming tao na nalito sa mga kasinungalingang ikinalat ng mga demonyo, ay tatalikod at tatanggi sa Aking Awa.**

Minsan pa Akong tatanggihan ng mga nananahan sa Tahanan ng Diyos, ang mga pari at yung lahat ng hindi tumatanggap sa Katotohanan. Ang pangwakas na insulto sa Aking Ngalan ay malapit nyo nang lahat makita. Yung ilan sa inyo na nagtatakip ng mata at naglalakad nang may piring sa mata ay makikita rin sa katagalan ang Katotohanan na ibinibigay sa inyo sa panahong ito.

Hindi Ako maaaring gumawa ng hidwaan sa Aking Simbahan dahil pag nagkaganun, parang itinatwa Ko ang Aking Sarili. Ang Aking Katawan ay ang Simbahan at hindi ito kailanman mamamatay, kundi yung mga nasa loob nito na tatanggi sa Akin. Kung paanong tinaggihan Ako noong unang beses, ngayon nama'y susubukan nilang wasakin Ako bago Ako dumating para dalhin ang pangwakas na kaligtasang ipinangako sa tao.

Ang tao ay mahina. Ang tao ay mangmang at hindi karapat-dapat sa Aking Awa. Ang tao ay matigas ang ulo. Ibinigay sa tao ang Katotohanan noong Aking Kapanahunan sa lupa, pero hindi pa rin niya naiintindihan ang Aking Pangako. Ang Aking Pagbabalik, sa Ikalawang Pagdating ay ibubunsod ng pagtanggi sa Aking pangwakas na propeta. Ang propetang sinugo para ibigay sa inyo ang pangwakas na Salita ng Diyos para ihanda ang inyong mga kaluluwa, ay labis na magdurusa. Akong si Jesucristo ang inyong sinisiraang-puri pag pinagtatawanan nyo ang Aking Banal na Salita na ibinigay sa propeta ng Diyos. Ang Salita ng Diyos, na ibinibigay para ihanda kayo sa pakikipaglaban sa antikristo, ang inyong tinatanggihan. Sa paggawa nyo nito, winawasak nyo ang mga kaluluwa. Pinipigilan nyo ang mga kaluluwang ito na makapasok sa Aking Paraiso.

Yung mga nagsasabi ng masasamang bagay tungkol sa Aking Mga Mensahe ay hindi mabibigyang-katwiran ang kanilang sama ng loob, ang kanilang galit o ang kanilang pangangatwiran, dahil puno ng kamalian ang mga ito, na bunsod ng kasalanan ng kayabangan. **Hindi na magtatagal, at ang Katotohanan ay magiging mahirap nang ibukod sa mga kasinungalingan ng organisasyong new world, na mag-aalok ng paganong relihiyong new world.**

Pag hindi pa nyo Ako pinakinggan ngayon, tatakutin kayo para tanggapin ang masamang kapalit na ito. Dadamitan ito ng makislap at gintong panlabas. Mapapahanga nito maging ang mga pinakabanal sa hanay nyo at babaluktutin nito ang inyong katapatan sa Akin at ito'y hahangaan ng lahat. Ito ang relihiyong magpapabago sa kalooban ng mga hindi sumasampalataya sa Diyos at sasampalataya sila sa isang malaking kasinungalingan. Hindi magkakaroon ng kapayapaan yung mga susunod sa paganong kasuklam-suklam na ito. Makikitaan sila ng takot at pagkamuhi sa isa't isa, mag-aaway ang magkakapatid at ang sangkatauhan ay mahahati sa dalawa. Ang kalahati ay tatanggap sa baluktot na katotohanan ng relihiyong new world na ito, na pamamahalaan ng maraming simbahan, maraming pananalig, at isang malaking bahagi ng Simbahang Katolika. Ang natitirang kalahati naman ay bubuuin ng mga talagang nagmamahal sa Akin at mananatiling tapat sa Katotohanan.

Pag hindi nyo tinatanggap ang Katotohanan – ang Katotohanang nakapaloob sa Banal na Bibilia - ang isasabuhay nyo ay isang kasinungalingan. Walang matitirang pagmamahal sa inyong kaluluwa para sa Akin kung tatanggapin nyo ang mga kasinungalingang ipalulunok sa inyo.

**At kung ang Aking Salita ngayon ay parang pagbaluktot sa pananampalataya, gaya nung Aking kapanahunan sa Lupa, marami sa inyo ang lalamon sa mga Mensaheng ito pag kayo'y gutom na gutom na sa Katotohanan, sa panahong kinokontrol na ng antikristo ang inyong mba bansa.** Gagapang kayo sa inyong tiyan at sisigaw kayo sa pagtawag sa Akin. Kayong mga bumastos sa akin,

gugustuhin nyong putulin ang inyong dila dahil malalaman nyo kung paanong Ako'y nainsulto ng inyong mga salita.  Mapagpasensiya Kong hihintayin ang araw na ito, pero pag humarang kayo sa Akin at pinigilan Akong makalapit sa mga kaluluwa, pababagsakin Ko kayo.  Kung patuloy nyo Akong babastusin, sa pagsasabing ang Aking Mga Mensahe ay gawa ng demonyo, hindi na kayo kailanman patatawarin.  Sapagkat ito ang pinakamalaking kasalanan sa Diyos.

**Tandaan nyo na pinupuntahan Ko ang mga anak ng Diyos sa kahuli-hulihang pagkakataong ito para tuparin ang Tipan ng Aking Ama.** Ngayon, ang Kanyang Loob ay susundin na sa Lupa gaya ng sa Langit.  Wala ni isa sa inyo ang makakapigil na ito'y mangyari.  Wala ni isa sa inyo, bagamat kinamumuhian Ako ng ilan sa inyo, ang makakapigil sa Aking Ikalawang Pagdating.  Yung mga sumisigaw sa galit sa Aking Salita at nagsasabing Ito'y galing kay Satanas, ay makikipamahay sa halimaw magpakailanman.

*Ang inyong Jesus*

# Ang Mga Mensaheng Ito ang siyang huling ibibigay sa inyo bago sumapit ang Dakilang Araw ng Aking pagdating para Maghukom

Sabado, May 25, 2013

Pinakamamahal Kong anak, hindi na talaga nalaman ang hapding tiniis ng mga propetang nauna sa iyo.  Pero ang bigat ng kanilang pasanin.  Di tulad ng mga bisyonaryo, mag-isa silang nagtrabaho at walang kahit anong uri ng pagtanggap sa kanila.

**Kinamuhian ang mga propeta dahil nagpropesiya sila sa Ngalan ng Diyos at dahil nagpahayag sila ng mga trahedyang darating, na babagsak sa sangkatauhayn dahil sa bahid ng kasalanan.** Namuhay silang nag-iisa at natatakot, at maraming beses silang nadapa dahil sa hirap ng kanilang Misyon. Nahirapan silang maintindihan ang mga propesiya at marami sa kanila ay hindi alam ang ibig sabihin ng Mga Salita, na idinikta sa kanila.  Marami sa kanila ay hindi tiyak kung sila nga ba ay talagang mga propeta pero dahil sa ibinunga ng kanilang Misyon, nang makita nila ang paglaganap ng Salita ng Diyos at ang bilis ng mga pagbabalik-loob, naunawaan din nila.

Karamihan sa mga propeta ng Diyos ay hinamak, pinagtawanan at itinuring na mga lapastangan sa pananampalataya.  Maraming ipinatapon sa mga ilang na lugar at pinahirapan, dahil lamang sila'y naging mga sugo ng Diyos.

**Ang mga propeta ay isinusugo sa mundo dahil lamang sa Pag-ibig ng Diyos, para ihanda ang Kanyang mga anak para sa mga pangyayaring makakaapekto sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa.** Iba't ibang Misyon ang ibinigay na sa mga propeta.  May ilang pagkakataon na sila'y isinugo para babalaan ang sangkatauhan tungkol sa panganib ng pagsuway sa Ama.  Ang iba nama'y isinugo para babalaan ang tao tungkol sa mga mangyayari kung sila'y gagawa ng malaking kasalanan.  Sa iba

pang pagkakataon, binalaan ang sangkatauhan sa mga uusig sa kanila at susubukang hadlangan ang Salita ng Diyos sa pagbibigay-lakas sa Kanyang mga anak. At nandiyan din si Juan Bautista, na isinugo ng Diyos para ihanda ang mga anak ng Diyos para sa pagdating ng Mesiyas, ang bugtong na Anak ng Diyos na isinugo para sila'y tubusin sa Paningin ng Diyos. Pero hindi nila siya pinakinggan. Ang mga pinakaaba sa hanay ng mga Hudyo ay nakinig naman at tinanggap Ako, si Jesucristong Anak ng tao, pero ang mga pinakabanal at pinakamatandang mga lingkod sa loob ng simbahan noong panahong yun, ay ayaw tanggapin ang Katotohanan.

**At ngayon naman, ikaw, Aking anak, ay isinugo para ihanda ang daan para sa Aking Ikalawang Pagdating upang madala Ko ang kaligtasan sa mundo at upang ang Aking Bagong Paraiso ay magkaroon ng katuparan.** Naipropesiya na ito, pero makikinig ba sila? Malungkot, pero hindi. Ayaw nilang paniwalaan na ang Aking Ama ay pwedeng isugo sa mundo, sa panahon nila, ang Kanyang kahuli-hulihang propeta. Sa paggawa nila nito, tinatanggihan nila ang Banal na Ebanghelyo ng Diyos. Akala nila'y ang Aking Ikalawang Pagdating ay sa malayong hinaharap pa mangyayari. Ang kamaliang ito ay hindi dahil sa kanilang kaalaman sa Banal na Kasulatan, kundi dahil sa mali nilang pangangatwiran na hindi makakapagpaliwanag sa Aking Pangakong magbalik. Ang Maluwalhating Pamana ng inyong kinabukasan, na naghihintay sa inyo, ay sa inyo. Ito ay para sa bawat isa sa inyo, gaano man kaitim o kadalisay ang inyong mga kaluluwa, pero kailangang maghanda kayo at maging alisto, sapagkat lahat na ng demonyo mula sa Impiyerno ay gumagala ngayon sa Lupa, at gagamitin nila ang ibang mga tao para sikapin kayong pigilan. Ayaw ni Satanas na maiuwi ng Aking Ama ang Kanyang mga anak sa kanilang nararapat na pamana. Magkakalat siya ng mga kasinungalingan, manggugulo siya at lilituhin kayo. Napaka-suwabe ng kanyang mga tuso at mapanlinlang na mga pamamaraan at kakasangkapanin niya ang ibang mga tao na pumapayag sa kanyang panunukso. Kaya naman hindi na maniniwala ang mga tao na magsusugo pa ang Diyos ng isa pang propeta sa mundo sa ganitong paraan. Hindi na kailangan, sasabihin nila. Malilinlang sila at sa halip ay maniniwala sa di-totoong mga propeta. Ang dami ng mga ito – mga asong-gubat na nakadamit na parang tupa – kaya maaakit sila ng mga nagsasabi ng mga bagay na gusto nilang marinig. Mga gawa-gawang kuwento. Napakatusong itinago sa banal na pananalita, na ang ikinukubli ay katakut-takot na mga kasinungalingang bumabastos sa Aking Banal na Salita.

**Ikaw, Anak Ko, ang bukod-tanging magpapahayag ng Tunay na Salita ng Diyos sa panahong ito, para marinig ng buong daigdig.** Meron pa ring ibang mga propeta ng Diyos, pero iba ang kanilang mga Misyon. Hihilingin sa iyo na ipahayag ang Katotohanan. Nakakasindak man ang Katotohanan, nakapagliligtas din naman ito ng mga kaluluwa.

Yung ilan sa inyo na nagsasabing kilala nyo Ako, hindi nyo ba iniisip na magsusugo ang Aking Ama ng kahuli-hulihang propeta para ihanda kayo, sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo, bago Ako Dumating sa Ikalawang Pagkakataon? Hindi nyo ba Siya kilala? Hindi nyo ba alam kung gaano kalaki ang Kanyang Pagmamahal? Hindi nyo ba alam kung gaano kalawak ang Kanyang Malasakit? Kung alam nyo, pakikinggan nyo ang Mga Mensaheng ito mula sa Langit. Ang Mga Mensaheng ito ang siyang huling ibibigay sa inyo bago sumapit ang Dakilang Araw ng Aking Pagdating para Maghukom.

**Yung mga namumuhay ayon sa Salita ng Diyos at hindi nakakaalam sa mga Mensaheng ito ay walang dapat ikatakot.** Yung mga tumatanggap sa Mga Mensaheng ito at sa mga babalang huwag

tanggapin ang anupamang doktrina bukod sa doktrinang ibinigay Kong si Jesucristo sa mundo, ay walang dapat ikatakot, sapagkat mapapasakanila ang kaharian ng Aking Bagong Paraiso.

Yung mga tatanggi sa Aking Kamay ng Awa, yung mga lumalayo sa Akin at winawasak ang kanilang mga kaluluwa sa pagbibigay-dangal kay Satanas at sa lahat niyang hungkag na mga pangako, sa halip na ang Diyos at Maykapal, ay pagkakaitan ng Buhay na Walang-Hanggan, maliban na lang kung hihingi sila ng Aking Awa.

**May panahon pang natitira para kayo'y magbagong-buhay.** Napakasimple lang nito. **Lumapit kayo sa Akin at poprotektahan Ko kayo.** Ang mga propesiyang ito ay tungkol sa hinaharap at ang mga ito'y mangyayari. Tanggihan nyo ang mga ito bilang isang malaking kalokohan, at pagsisisihan nyo ang araw na tinalikuran nyo ang Katotohanang ipinangako sa inyo bilang mga mahal na anak ng Diyos.

*Ang inyong Jesus*

# Ako, ang Ina ng Diyos, ang wawasak sa kapangyarihan ni masama, sa mga puso ng mga nananawagan sa akin

Linggo, May 26, 2013

Anak ko, huwag na huwag mong pakikinggan yung mga nagsisikap na patigilin ka sa Banal na Misyong ito. Mahalaga na manatili kang kaisa ng aking mahal na Anak at dapat mong malaman na yung mga boses na nagsasalita ng kalapastanganan laban sa aking Anak ay lalo pang dadami. Ang pagkamuhing bumubulwak sa kanilang mga bibig ay hindi para sa iyo kundi para sa Banal na Salita ng aking Anak. Ngayon, alam mo na kung gaano kadami ang kaaway ng aking Anak sa mundo. **Ang mga pinaka-nakakasugat sa Kanyang Damdamin ay yung mga nagsasabing Siya'y mahal nila, pero ngayo'y tinatanggihan nila habang Siya'y nagsasalita sa pamamagitan ng mga hinirang na mga propeta ng Diyos.**

**Yung mga kinakasangkapan ako, ang Banal at Kalinis-linisang Ina ng Diyos, para pagkublihan habang sumisigaw ng mga kalapastanganan, ay lubos akong pinaluluha at pinagdadalamhati.** Ganun na katigas at puspos ng galit ang kanilang mga puso at ito'y ikasisindak ng marami. Yung mga nag-aakalang ipinagtatanggol nila ang Salita ng Diyos, at tinatanggihan yung mga dumarating sa Ngalan Niya, ay hinding-hindi dapat payagan ang pagkamuhi o paninirang-puri sa kapwa sa Ngalan Niya. Pag ito'y nangyari at yung mga nagsasabing sila'y mga propeta ay ginagawa ito, dapat nyong malaman na ang mapapait na mga pag-atakeng ito ay hindi galing sa Diyos, sapagkat imposible itong mangyari.

Ako, ang Ina ng Diyos, ang wawasak sa kapangyarihan ni masama, sa mga puso ng mga nananawagan sa akin. Pag hindi sila nanawagan sa akin, hindi ko sila matutulungan. Ako, ang Kasamang-Manunubos, ay hindi kailanman makatatanggi sa Katotohanan, na nais ibunyag ng aking Anak sa

mundo.  Ang tungkulin ko ay sa aking Anak.  Hindi ko kailanman sasabihin sa inyo na tanggihan o sumbatan si masama at pagkatapos ay linlangin kayo sa pagsasabing ako ang Ina ng Diyos.

**Yung mga nagsasabing ako'y kanilang pinararangalan sa pamamagitan ng aking Kabanal-banalang Rosaryo at pagkatapos ay magsasabi ng masama tungkol sa aking Anak sa pagsasabing ang Kanyang Mga Mensahe ay kasinungalingan, ay iniinsulto ang aking Anak at nilalapastangan ako.** Ang Aking Santo Rosaryo, pag dinasal nang mabagal at mula sa puso, ay bubuksan ang inyong puso sa Katotohanan ng Misyong ito.  Huwag na huwag kayong mawawalan ng pag-asa, kahit na hindi kayo bigyan ng Kaloob na Pagkaunawa.  Ibibigay ito sa inyo pag hiniling nyo sa akin na ihabilin ang inyong kaluluwa sa pangangalaga ng aking Anak.  Pag ginawa ito nang may simple at mababang loob, gagantimpalaan kayo ng aking Anak ng Kaloob na Espirito Santo.

Mga anak, huwag na huwag nyong iinsultuhin ang mga propeta ng aking Anak, kahit na hindi kayo naniniwala sa kanila.  Manahimik kayo at ipanalangin nyo sila.  Tanggihan man nyo sila, hindi Niya kayo papapanagutin dito.  Pero pag sinabi nyo na ang Kanyang Banal na Salita, na ibinigay sa totoong mga propeta, ay kay masama, pagdurusahan nyo ito nang katakot-takot.

Manatili kayong payapa, mga anak, at manalig kayo nang lubos sa aking Anak.  Isuko nyo ang inyong sarili sa Kanyang Awa at kayo'y Kanyang gagabayan, at mapapasainyo ang kapayapaan.  Hayo na, mahal kong mga anak, nang payapa sa kaalamang mahal kayo ng aking Anak.  **Pinatatawad Niya ang lahat ng kaluluwa, sa lahat ng kasalanan, maliban sa kasalanang walang-hanggan -  ang paglapastangan sa Espirito Santo.**

*Ang inyong mahal na Ina*

*Ina ng Kaligtasan*

# Diyos Ama:  Ipinangako Ko sa mundo ang Aklat ng Katotohanan at hindi Ako sumisira sa Aking Banal na Salita

Linggo, May 26, 2013

Pinakamamahal Kong anak, sa kasalukuya'y nagkakagulo ang Aking mga mahal na anak.  Nais Kong sabihin sa kanila, lalo na sa mga nagdududa sa Mga Makalangit na Mensaheng ito na ibinigay sa iyo dahil mahal Ko sila, na huwag silang matakot.

Ang takot ay lumilikha ng pagdududa.  Ang pagdududa ay lumilikha ng kalituhan. Ang kalituhan ay maaaring humantong sa kawalan ng kapanatagan, at sa huli ay mabubulag kayo sa Katotohanan.  Ang Katotohanan ay hindi kailanman madaling tanggapin, sapagkat inilalantad ng Katotohanan ang mabuti at ang masama.  Walang gustong marinig ang masama.  At kaysa tanggapin ang Aking pagtuturo na ibinibigay sa mundo sa pamamagitan ng Aking Mga Niloloob, mas gusto pa ng sangkatauhan na manginig sa takot.  **Isinusugo Ko ang Aking mga propeta para ipagunita sa inyo ang Aking Walang-hanggang Pag-ibig para sa bawat isa sa Aking mahal na mga anak.** Isinusugo Ko rin sila para babalaan kayo tungkol sa mga balakid na ilalagay sa harapan nyo ni masama para ilayo kayo sa Akin.  Pag

ibinubunyag Ko ang mga bagay na ito, ito'y hindi para pasamain ang loob nyo kundi para iligtas kayo at ilayo sa kapahamakan.

Ang Katotohanang ibinibigay sa inyo sa Aking Banal na Aklat, ang Biblia, ay naroon para inyong makita. Huwag nyo itong kukunin at pagkatapos ay lilikha kayo ng inyong sariling bersyon, dahil hindi Ko Nais na inyong babaluktutin ang Katotohanan. **Ipinangako Ko sa mundo ang Aklat ng Katotohanan at hindi Ako sumisira sa Aking Banal na Salita.** Ito'y ibinibigay Ko sa inyo ngayon para matipon Ko ang Aking mga anak mula sa apat na sulok ng daigdig. Susubukan ng Aking mga kaaway na pigilin ang paglaganap ng mga nilalaman ng Aklat ng Katotohanan. Huwag nyong hahayaang guluhin nila kayo, sapagkat pag nangyari ito, may mga kaluluwang mawawala sa Akin.

Ipagpasalamat nyo, na Ako, ang inyong mahal na Ama, ay binibigyan kayo nitong dakilang Kaloob na ito, dahil kakailanganin nyo ang Aking Pagtuturo, lalo na ngayon na ang antikristo ay ihaharap na para ipakita sa buong mundo. Ipapakita sa inyo, sa pamamagitan ng Aklat ng Katotohanan, kung paano protektahan ang inyong mga kaluluwa sa panghahawa na binalak niyang gawin sa mundo. Bawat proteksyon ay ibinibigay sa inyo para matulungang iligtas, di lamang ang inyong sariling mga kaluluwa, kundi ang mga kaluluwa ng bilyun-bilyong tao.

**Ang Natitirang Hukbo ay bibigyan ng pinakamalalaking kapangyarihan para talunin ang halimaw. May kakayahan ang lakas nito na gawin ito, kaya huwag na huwag kayong panghihinaan ng loob pag tinangka ng Aking mga kaaway na pigilin ang inyong pagdami sa lahat ng bansa ng mundo.** Ang kanilang kapangyarihan ay madudurog, at yung mahihina at tatanggap sa mga kasinungalingan, na malapit nang iharap sa kanila sa Ngalan ng Aking Anak, ay mawawala sa Akin. Tanging sa pamamagitan lamang ng inyong pag-ibig sa Akin at sa Aking mahal na Anak na si Jesucristo, at sa Kapangyarihan ng Espirito Santo maililigtas ang lahat Kong anak.

Poprotektahan at babantayan Ko kayo sa lahat ng oras. Itaas nyo ang inyong kaluluwa sa Akin sa pamamagitan ng inyong katapatan sa Aking Anak at ibibigay sa inyo ang pinaka- Maluwalhating Kaloob ng Aking Bagong Paraiso. Huwag nyong hahayaang pigilan kayo ninuman sa pag-angkin sa inyong nararapat na Pamana. Huwag nyong hahayaan ang sinuman na pigilan kayong lumaban para sa mga kaluluwa ng lahat Kong anak, sapagkat pinagkakalooban kayo ng Mga Grasya na kinakailangan para iligtas maging ang mga kaluluwang pinaka-nakakasugat sa Aking Damdamin. Mahal Ko kayo, mga anak. Hinihintay Ko ang inyong tugon sa Panawagang ito mula sa Langit.

*Ang inyong mahal na Ama*

# Ang Aking Tinig, pag narinig, ay aakit ng milyun-milyon palapit sa Akin sa susunod na yugto, at pagkatapos ay bilyun-bilyon sa mga huling yugto

Martes, May 28, 2013

Pinakamamahal Kong anak, ngayon mismo'y inihahanda Ko na ang bawat bahagi ng mundo para sa Aking Ikalawang Pagdating. Kakargahin Ko ang bawat bansa – walang maiiwan – sa Aking Mga Braso ng Awa, para madala Ko sila sa Aking Kaharian.

**Ang Aking Plano ay maraming detalye pero ito'y simple. Ang Aking Tinig, pag narinig, ay aakit ng milyun-milyon palapit sa Akin sa susunod na yugto, at pagkatapos ay bilyun-bilyon sa mga huling yugto.** Marami pang makakarinig ng Katotohanan ngayon, pero hindi nila ito tatanggapin, hangga't hindi pa nangyayari ang sinabi Ko sa inyo.Mabilis na lalaganap ang Aking Misyon at pag nalaman na ng lahat na Akong si Jesucristo ang Siyang Nananawagan mula sa Langit, sasapi sila sa Akin. Ang Aking Misyon ay tutugunan maging nung mga tumatanggi sa mga Mensaheng ito.

Kayong mga alagad Ko ay maaaring panghinaan ng loob dahil sa pang-aabuso na kailangan nyong pagdaanan dahil sa Akin, pero hindi ito magtatagal. Ang Aking Pag-ibig para sa mga anak ng Diyos ay ganun kalaki kaya maihahambing ito sa pag-ibig ng isang magulang na may ilang anak. Ilan sa mga anak ay gagalang sa kanilang ina at ama at tutugunan ang pagmamahal na ipinapakita sa kanila. Ang ilang anak naman ay itutulak palayo ang kanilang mga magulang, mamaltratuhin ang kanilang mga kapatid, bago tuluyan nang tumiwalag sa pamilya. Dahil sa buklod ng dugo at pagmamahal, lahat ng paraan ay gagawin hindi lamang ng mga magulang kundi pati ng mga kapatid para muling ilapit ang mga naliligaw na mga anak at ibalik sa puso ng kanilang pamilya. At pag nangyari yun, lahat ng kasalanan, galit at pagtanggi ay malilimutan na.

Mga alagad Ko, kahit haharapin nyo ang galit ng iba, kailangang manatili kayong panatag at mapagpasensya. Susubukin ang inyong pagtitiyaga at ilan sa inyo ay lalayo. Pag nagkaganun, lahat ay gagawin ng Aking tapat na mga alagad para kayo'y ibalik, upang makatugon kayo sa Aking Panawagan.

*Ang inyong mahal na Jesus*

# Diyos Ama: Hahampasin Ko ang bawat bansa ayon sa dami ng mga inosenteng walang-awa nilang pinagpapatay

Miyerkules, May 29, 2013

Mahal Kong anak, Ako ang Simula at ang Katapusan. Ako ang Maylikha ng lahat ng nasa kasalukuyan at ng darating pa. **Ako ang Panginoon ng buhay at ng kamatayan. Walang sinumang may kapangyarihang panghimasukan ang buhay o kamatayan, sapagkat tanging Ako lamang, ang inyong Amang Makapangyarihan-sa-lahat, ang maaaring manghimasok sa alinmman sa dalawang ito.**

Pag ang tao ay nagsimulang maniwala na siya ay kasing-galing Ko, o mas makapangyarihan pa sa Akin, susubukan niya Akong gayanin. Pag ninais ng tao na kontrolin ang Aking Nilikha, tinutukso siya ni Satanas para magkasala. Pag ganun na sinapian ng kasalanan ng kayabangan ang kaluluwa, hahamunin Ako ng tao sa pamamagitan ng pagwasak sa buhay na nasa Lupa.

Bakit gugustuhin ng taong gawin ito? Gusto niyang magkaroon ng kapangyarihan sa ibinigay Ko nang libre, pag kinikitil niya ang buhay ng isang sanggol sa sinapupunan. Pag gusto niyang kontrolin ang populasyon, kikitilin niya ang buhay bago maisilang at papatayin ang inaakala niyang hindi na dapat mabuhay pa.

**Anak Ko, may isang grupong nagpaplanong sirain ang paglago ng populasyon ng mundo.** At ito'y sa pamamagitan ng katakut-takot na kasamaang ginagawa sa aborsyon. **Ang pagdami ng aborsyon at ang mabilis na pagsisimula nito sa buong mundo ay hindi aksidente.** Ikinakalat ito sa lahat ng bansa. Yung mga bansang tututol sa aborsyon ay itutulak sa isang tabi ng halimaw na may sampung sungay at pipiliting simulan ang kasuklam-suklam na gawaing ito.

**Sa pamamagitan ng Aking Kamay, papatawan Ko ng matinding parusa yung mga bansang nagsasagawa ng aborsyon.** Makikita nyong mangyari ito sa oras na magpasok ng ganitong mga batas at sa parusang ipapataw Ko. Malalaman nyo na ang Aking Kamay ang bumagsak sa gayung kalaking kasamaan. Yung mga nag-aakalang kayo'y may karapatang kumitil ng buhay, dapat nyong malaman na walang ganitong karapatan. Kumitil kayo ng buhay at mawawalan kayo ng buhay. Walang Buhay na Walang-hanggan na mapapasainyo pag gumawa kayo ng anumang pagtulong para maipasa ang ganito kasamang mga batas. **Kaparehong parusa ang ipapataw sa mga mangangahas na magbigay-katwiran sa eutanasia.**

Umaapaw ang Aking Awa at patatawarin Ko yung mga hindi alam kung ano ang tama o mali. Pero pag sinadya nyong sumali sa pandaigdigang planong wasakin ang buhay, bilang kasapi ng isang maka-satanas na grupo, nasentensyahan na kayo. Ang inyong kinabukasan ay isinarado na ng ginawa nyong pangako sa halimaw, at sa nalalapit nang panahon, ang katapatang ipapangako nyo sa antikristo.

Sa pagkitil nyo sa buhay ng inosente at sa pagpilit nyong maipasa ang ganitong mga batas, lantaran nyong nilalabag ang isa sa Aking pinakamahalagang Mga Utos – huwag kang papatay. Pag nagpaplano kayo ng ganitong malawakang pagpatay na buong daigdig ang sakop, isinasagawa nyo ang gawain ng demonyo at dahil dito, wawasakin Ko kayo.

Babalaan Ko muna kayo, at pagkatapos, pag ang masasamang batas na ito ay hindi pa inalis, mapipilitan na Ako. **Lilindol nang napakalakas at lalamunin kayo ng Lupa. Hahampasin Ko ang bawat bansa ayon sa dami ng inosenteng walang-awa nilang pinagpapatay.** Kung Ako'y hindi manghihimasok, konting panahon na lamang at ang inyong mga bansa ay lalamunin na ng halimaw at walang matitira. Kailangang ipabatid Ko sa inyo na gayun na lamang ang pagsapi ng kasalanan sa Lupa, kaya isang silahis na lamang ng Liwanag ang natitira. Ang Liwanag na yun ay ang Liwanag ng Diyos at ito'y naroroon sa Aking Anak at sa Kanyang Katawang Mistikal. Patuloy Siyang hinahagupit ng inyong mga kasalanan at ito'y lalala pa hanggang sa puntong ang Kanyang Simbahan ay ipapako sa krus. Pag nangyari ito, bababa ang kadiliman at pagkatapos ay darating ang wakas.

Ang Aking Galit ay umabot na sa sukdulan. Makakatulong ang inyong mga panalangin sa pagbawas sa ilan sa parusang ipapataw Ko sa walang-utang na loob na mundong ito at sa gayun kasasamang mga makasalanan, pero hindi lahat. Sapagkat kailangang mangyari ang mga parusang ito para mapigil ko ang mga planong wawasak sa inyo. Pag hindi Ko sinikap pigilin ang pagkalat ng ganitong mga kasuklam-suklam na bagay, walang pagsisisi. Walang hiya. Walang pagkaalam na Ako, ang Diyos na

Kataas-taasan, ang lumilikha ng buhay at pumuputi nito ayon sa Loob Ko. Walang sinumang may kapangyarihang gawin ang gayon.

Ang Aking Galit ay nagpapakita sa Aking mga anak sa loob ng maraming panahon. Pero hanggang ngayon, pinagdaraanan nyo ang mga parusa na ibubuhos Ko ngayon sa mga maysala dahil sa pagpapasimula nila ng gawang aborsyon.

*Ang inyong Ama*
*Diyos na Kataas-taasan*

# Ang Diyos ay hindi mayabang. Ang Diyos ay hindi palalo. Ang Diyos ay maamo, mapagmahal, pero matatag sa Kanyang pagtuturo sa sangkatauhan

Biyernes, May 31, 2013

Pinakamamahal Kong anak, **ang paraan kung paano ipinapakita**

**Ko ang Aking Sarili sa mga anak ng Diyos sa Lupang ito ay isa lamang ang pinanggagalingan, at ito'y ang Espirito Santo.** Hindi Ko maipapakilala ang Aking Sarili sa kanila sa anupamang ibang paraan.

**Kung wala ang Presensya ng Espirito Santo, hindi maaaring marinig ang Aking Tinig.** Kaya pag bumaba ang Espirito Santo sa isang hinirang na kaluluwa, ang Aking Tinig ay maipapahayag. Pero dapat nyo itong malaman. Ang Espirito Santo ay makakapanahan lamang sa mga kaluluwang nakikinig at sinasabi lamang kung ano ang ibinibigay sa kanila.

Ang Espirito Santo ay maaaring magbunsod sa mga tao na magpahayag ng Salita ng Diyos, pero hindi pwedeng lumihis mula rito ang mga kaluluwang ito. Ang sinumang sumusulat, nagpapahayag, nagsasalita at nagsasabing kinakatawan niya ang Salita ng Diyos, na ipinagkaloob sa kanya ng Kapangyarihan ng Espirito Santo, ay hinding hindi dapat magbigay ng kanyang sariling interpretasyon sa Aking Kabanal-banalang Salita.

**Ang sinumang nagpapahayag ng Salita ng Diyos at binigyan ng kapangyarihan ng Espirito Santo ay hindi ipagyayabang ang katunayang ito. Hinding hindi sila huhusga ng kanilang kapwa sa Ngalan Ko, magsasabi ng masama tungkol sa iba o maninirang-puri sa iba. Pag nakita nyong nangyari ito, alam nyo na na wala ang Espirito Santo.**

Ang daming di-totoong mga propeta na sumisigaw nang ubos-lakas para ipagyabang na

sila'y binigyan ng Kaloob na Espirito Santo, pero ito'y kasinungalingan. Makikilala nyo ang sinungaling pag sinabi niyang marami siyang alam, may malalim na edukasyon sa teolohiya – kaya mas maraming alam tungkol sa Akin kaysa iba – at sasabihin pang siya'y binigyan ng kapangyarihang husgahan ang

ibang nagsasabing sila'y nagsasalita sa Ngalan Ko.  Ang kayabangang ito'y hindi maaaring manggaling sa Diyos.

Ang Diyos ay hindi mayabang.  Ang Diyos ay hindi palalo.  Ang Diyos ay maamo, mapagmahal pero matatag sa Kanyang pagtuturo sa sangkatauhan.  Hindi Niya kailanman bibigyan ng pahintulot ang sinumang totoong propeta, totoong disipulo o banal na lingkod para saktan o insultuhin ang iba sa Ngalan Ko.

Mag-ingat kayo sa mga di-totoong propeta na walang Kaloob na Espirito Santo, sapagkat ililigaw niya kayo.  Aakayin niya kayo palayo sa landas na pinili Ko para sa bawat isa sa inyo.

*Ang inyong Jesus*